بيان التوحيد ـ فلبيني

# Ang Paglilinaw sa Tawhid


جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

151

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

جمعية الدعوة بالزلفي

# Ang Paglilinaw sa Tawhid

## بيان التوحيد – اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

# بيان التوحيد

لسماحة الشيخ عبد العزيز بن عبد اللّه بن باز

ترجمه إلى اللغة الفلبينية

جمعية لدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

الطبعة ا رابعة ١ / ١٤٤٢ هـ.


ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي، ١٤٢٨ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية

ابن باز، عبد العزيز بن عبد الله بن عبد الرحمن

بيان التوحيد – فلبيني/ عبد العزيز بن عبد الله بن عبد الرحمن ابن باز، الزلفي، ١٤٢٨ هـ

١٠٠ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٧ـ ٣ـ ٩٧٨٧ـ ٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١- التوحيد أ. العنوان

ديوي ٢٤٠ ١٤٢٨/٤٧

رقم الإيداع: ١٤٢٨/٤٧

ردمك: ٧ـ ٣ـ ٩٧٨٧ـ ٩٩٦٠

## Mga Nilalaman

Panimula ..........................................................5

Ang Katotohanan ng Tawhíd at Shirk ......................8

Ang Dalawang Shirk: Malaki at Maliit …………...36
Ang Malaking Shirk ……………………………..…36
Ang Maliit na Shirk ………………………………..41
Ang Tawhíd ng mga Isinugo at
ang Sumasalungat Dito na Kufr at Shirk ................43

Ang Paglilinaw sa
Kahulugan ng Pagtatambal kay Allah ....................96

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa ngalan ni Allah,[1] ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

# Panimula[2]

Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang pagpapala at ang pagbati ay ukol sa pinuno ng mga una at mga huli, ang Propeta natin na si Muhammad, at gayon din sa lahat ng mag-anak niya at Kasamahan niya.

Ito ay tatlong pagtatalakay tungkol sa Tawhíd mula sa aklat ko na *Majmú' Fatáwá Wa Maqálat Mutanawwi'ah*:[3]

A. Ang Katotohanan ng Tawhíd at Shirk,
B. Ang Tawhíd ng mga Isinugong Propeta at ang Sumasalungat Dito na Kufr[4] at Shirk,
C. Ang Pagpapaliwanag sa Kahulugan ng Shirk kay Allah.

Napag-isipan ko na tipunin ang mga ito sa iisang aklat na pinamagatang: **Ang Paglilinaw sa Tawhíd na Isinugo ni**

---

[1] Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga panandang gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG at SA. Samakatuwid ang tama ay sabihing: SI Allah, NI Allah at KAY Allah. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino; at ito rin ang paninindigan ng *Ministry of Islamic Affairs* sa Saudi Arabia.

[2] Ang nagsalin ng aklat na ito ay walang pananagutan sa nilalaman ng aklat na ito.

[3] Kalipunan ng mga Fatawá at Sari-saring Artikulo.

[4] Pagtangging sumampalataya o kawalang pananampalataya.

**Alláh Dahil Dito ang Lahat ng Sugo**[5] **at Isinugo Niya Dahil Dito ang Panghuli sa Kanila na si Muhammad (SAS).**[6] Iyan ay pakikilahok mula sa akin sa paglilinaw sa Tawhíd, at sa pagbabala laban sa Shirk na lumaganap sa marami sa mga bayan ng Mundong Islam. Ang mga ito ay gaya ng pagdalangin sa mga *walí*[7] at mga taong matuwid, pagsusumamo sa kanila pagkatapos ng kamatayan nila, pagpapatayo ng estraktura sa ibabaw ng mga puntod nila, pamamanata sa mga ito, pagsasagawa ng tawáf sa paligid ng mga ito, at iba pa rito na mga bagay na lumalabag sa Tawhíd na isinugo ni Alláh dahil dito ang lahat ng sugo, na ipinaliwanag sa sinabi ni Allah[8] (51:56): **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako.** Ang sabi pa Niya (21:25): **Hindi Kami nagsugo noong**

---

[5] Kapag binanggit ang salitang **sugo** o **isinugo** sa lathalain natin, ang tinutukoy natin ay isang propetang sugo o isinugo ng Panginoon, maliban kung tahasang binanggit na iyon ay hindi isang propetang sugo o isinugo. Ang sugo sa Islam ay ang pinakamataas na antas na maaaring marating ng isang tao. Ang sugo ay higit na mataas kaysa sa propeta dahil ang bawat sugo ay propeta rin ngunit ang karamihan sa mga propeta ay hindi sugo. Sa mga lathalain natin, ang Sugo na may malaking titik na 'S' at ang Propeta na may malaking titik na 'P' ay tumutukoy kay Propeta Muhammad (SAS). Ang Tagapagsalin.

[6] (SAS): ***Sallalláhu 'Alayhi wa Sallam***: Pagpalain siya ni Allah at batiin (o pangalagaan). Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

[7] Mga taong pinaniniwalaang banal o malapit kay Allah.

[8] Ang mga talata ng Qur'an o mga Hadíth na sinipi rito ay salin mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

**wala ka pa ng anumang sugo malibang nagsisiwalat Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako kaya sambahin ninyo Ako.** Ang sabi pa Niya (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan**[9] **ng isang sugo,** ***na nagsasabi*****: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang huwad na diyos."**

Umaasa ako kay Allah na mapakinabangan nawa ito ng mga lingkod Niya, bumuti nawa ang mga kalagayan ng lahat ng Muslim at pagkalooban Niya nawa sila ng pagkaunawa sa Relihiyon. Tunay na Siya ay Dumidinig, Malapit. Pagpalain ni Allah at batiin ang Propeta natin na si Muhammad at gayon din ang mag-anak niya at mga Kasamahan niya.

---

[9] Ang Kalipunan ay salin ng salitang Arabe na *ummah* na nangangahulugan ng: Isang pangkat ng mga tao na ipinagbubuklod ng isang kalagayan na gaya ng relihiyon o pook o panahon. (Al-Mu'jam al-Wasít, p. 27.) Ang tinutukoy ng Kalipunan sa aklat na ito ay ang Komunidad ng mga Muslim. Ang Tagapagsalin.

# Ang Katotohanan ng Tawhíd at Shirk

Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Walang pangangaway kundi sa mga lumalabag sa katarungan. Ang pagpapala at ang pagbati ay ukol sa Lingkod Niya, Sugo Niya, Pili Niya sa mga nilikha Niya, Pinagkatiwalaan Niya sa pagsisiwalat Niya, ang Propeta natin, ang Nangunguna sa atin: ang pinuno natin na si Muhammad ibnu ‘Abdilláh ibni ‘Abdulmuttalib al-Háshimí, na isang Arabe na taga-Makkah at pagkatapos ay naging taga-Madínah, sampu ng mag-anak niya at mga Kasamahan niya at ng sinumang tumahak sa landas niya at napatnubayan sa pamamagitan ng patnubay niya magpahanggang sa Araw ng Paggagantimpala.

Tunay na si Allah ay lumikha sa mga nilikha upang sambahin Siya lamang nang walang katambal sa Kanya. Isinugo Niya ang mga sugo upang linawin ang kadahilanang ito, maganyaya tungo rito, linawin ang detalye nito at linawin ang anumang sumasalungat dito. Ayon sa kadahilanang iyon dumating ang mga makalangit na kasulatan. Gayon isinugo ang mga taong sugo buhat kay Allah para sa jinn at tao.

Ginawa ni Allah ang pangmundong tahanang ito bilang daan para sa Kabilang-buhay at tulay tungo roon. Ang sino mang nagpuno sa mundong ito ng pagtalima kay Allah, paniniwala sa pagkaiisa Niya at pagsunod sa mga sugo Niya, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati ni Allah, ay malilipat mula sa tahanan ng paggawa: ang Mundo, tungo sa tahanan ng gantimpala: ang Kabilang-buhay.

Pupunta siya sa tahanan ng kaginhawahan, tuwa at galak, ang tahanan ng kaalwanan at kaligayahan: tahanan na hindi maglalaho ang kaginhawahan doon at hindi mamamatay ang mga maninirahan. Hindi maluluma ang mga kasuutan nila at hindi tatanda ang kabataan nila. Bagkus mananatili sa palagiang kaginhawahan, palagiang kalusugan, tuluy-tuloy na kabataan, mabuti at maligayang buhay at kaginhawahang hindi mauubos.

Tatawagin sila nang ganito sa piling ni Allah: ***O mga mamamayan sa Paraiso, tunay na ukol sa inyo na mabuhay kaya hindi na kayo mamamatay magpakailanman, tunay na ukol sa inyo na lumusog kaya hindi na kayo magkakasakit magpakailanman, tunay na ukol sa inyo na bumata kaya hindi na kayo tatanda magpakailanman, at tunay na ukol sa inyo na guminhawa kaya hindi na kayo magdurusa magpakailanman***. Ito ang magiging kalagayan nila.

Makakamtan nila roon ang anumang minimithi nila at makakamtan nila roon ang anumang hinihiling nila **bilang isang pang-aliw mula sa Mapagpatawad, Maawain.**[10] Makakamit nila roon ang pakikipagtagpo kay Allah gaya ng loloobin Niya at ang pagkakita sa marangal na Mukha Niya.

Tungkol naman sa sinumang sumalungat sa mga sugo sa pangmundong tahanang ito at sumunod sa pithaya ng sarili at sa Demonyo, tunay na siya ay malilipat mula sa pangmundong tahanang ito tungo sa pang-Impiyernong tahanan ng pagganti, ang tahanan ng kahamakan, pagkalugi,

---

[10] Qur'an 41:32.

pagdurusa, mga pasakit at Impiyerno. Ang mga maninirahan doon ay nasa palagiang pagdurusa at pagkahapis **na hindi kikitil**[11] **sa kanila upang mamatay sila at hindi magpapagaan sa kanila ng anumang pagdurusang dulot nito**[12] gaya ng sinabi ni Allah (20:74): **Tunay na ang sinumang pumunta sa Panginoon niya bilang isang sumasalansang, tunay na ukol sa kanya ay Impiyerno; hindi siya mamamatay roon at hindi mabubuhay.**

Nagsabi pa Siya tungkol doon (18:29): **Kung magpapasaklolo sila ay sasaklolohan sila ng tubig na gaya ng kumukulong langis na iihaw sa mga mukha nila. Kaaba-abang inumin at kay sagwang tirahan!** Nagsabi pa rin Siya tungkol doon (47:15): **at paiinumin ng tubig na kumukulo kaya pagpuputul-putulin nito ang mga bituka nila?**

Ang ipinakakahulugan nito ay na ang pangmundong tahanang ito ay ang tahanan ng paggawa. Ito ay tahanan ng pagpapakalapit kay Allah sa pamamagitan ng paggawa ng anumang ikinasisiya Niya. Ito ay tahanan ng pakikibaka para sa mga kaluluwa. Ito ay tahanan ng pagtutuos sa sarili, at tahanan ng pag-unawa at pagtalos sa Relihiyon, ng pakikipagtulungan sa pagpapakabuti at pangingilag sa pagkakasala, ng pagtatagubilinan sa katotohanan at pagtitiis para rito, at ng kaalaman, paggawa, pagsamba at pakikipagpunyagi.

Sinabi ni Allah (51:56-58): **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako. Hindi Ako naghahangad mula sa kanila ng anumang panustos at**

---

[11] O na hindi maghahatol *ng kamatayan*

[12] Qur’an 35:36.

**hindi Ako naghahangad na pakainin nila Ako. Tunay na si Allah ay ang Palatustos, ang May matatag na lakas.** Kaya nilikha ni Allah ang jinn at ang tao ay alang-alang sa pagsamba sa Kanya. Hindi Niya sila nilikha dahil sa pangangailangan Niya sa kanila sapagkat Siya ay ang walang-pangangailangan sa pamamagitan ng sarili Niya sa anumang iba pa sa Kanya, gaya ng sinabi Niya (35:15-17): **O mga tao, kayo ang mga nangangailangan kay Allah samantalang si Allah ang Walang-pangangailangan, ang Kapuri-puri. Kung loloobin Niya ay maaalis Niya kayo at magdadala Siya ng bagong nilikha. Hindi iyon para kay Allah mahirap.**

Hindi Niya sila nilikha upang magparami sa pamamagitan nila dahil sa kasalatan o magpakarangal sa pamamagitan nila dahil sa pagkahamak. Bagkus Siya ay lumikha sa kanila dahil sa dakilang kadahilanan. Ito ay upang sambahin nila Siya, dakilain nila Siya, katakutan nila Siya at papurihan nila Siya ng nauukol sa Kanya. Ito ay upang alamin nila ang mga pangalan Niya at ang mga katangian Niya at papurihan Siya sa pamamagitan niyon. Ito ay upang dumulog sila sa Kanya sa pamamagitan ng naiibigan Niya na mga gawain at mga salita. Ito ay upang pasalamatan nila Siya sa pagbibiyaya Niya at magtiis sila sa anumang pagsubok Niya sa kanila sa pamamagitan niyon.

Ito ay upang maki-baka sila sa landas Niya. Ito ay upang magmuni-muni sila sa kadakilaan Niya at anumang karapat-dapat sa kanila na gawain, gaya ng sinabi ni Allah (65:12): **Si Allah ang lumikha ng pitong langit at mula sa lupa ng tulad *ng bilang* ng mga iyon. Bumababa-baba ang kautusan sa pagitan ng mga ito upang malaman ninyo na**

**si Allah sa bawat bagay ay Makapangyarihan, at na si Allah ay sumaklaw nga sa bawat bagay sa kaalaman.**

Sinabi pa Niya (7:180): **Taglay ni Allah ang mga pangalang napakaganda kaya dumalangin kayo sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito.** Sinabi pa Niya (3:190-191): **Tunay na sa pagkalikha ng mga langit at lupa at pagsasalitan ng gabi at araw ay talagang may mga tanda para sa mga may isipan, na mga umaaalaala kay Allah, nang nakatayo o nakaupo o nakahiga sa mga tagiliran nila, at nag-iisip-isip sa pagkalikha ng mga langit at lupa, *na nagsasabi*: "Panginoon namin, hindi Mo nilikha ito nang walang saysay; kaluwalhatian sa Iyo kaya ipagsanggalang Mo kami sa pagdurusa sa Impiyerno.**

Kaya ikaw, o lingkod ni Allah, ay nilikha sa pangmundong tahanan na ito hindi upang mamalagi rito at hindi upang manatili rito. Bagkus ikaw ay nilikha rito upang ilipat mula rito pagkatapos ng paggawa rito. Maaaring ililipat ka mula sa mundong ito bago nakagawa ng anuman, samantalang ikaw ay bata pa na hindi pa sumasapit sa tamang gulang at hindi pa isinatungkulin sa iyo ang paggawa dahil sa isang malalim na kadahilanan.

Kaya ang ipinakakahulugan nito ay na itong mundo ay tahanan na hinaluan ng masama at mabuti, hinaluan ng pinaghalu-halong mga matuwid na tao at iba pa sa kanila, hinaluan ng mga dalamhati at mga kasayahan, at ng napakikinabangan at nakapipinsala. Narito ang minamabuti at ang minamasama, ang pagkakasakit at ang kalusugan, ang

yaman at ang karalitaan, ang Káfir[13] at ang Mananampalataya, at ang sumusuway at ang matuwid. Narito ang mga uri ng mga nilikha na nilikha para sa kapakanan ng tao at jinn, gaya ng sinabi ni Allah (2:29): **Siya ang lumikha para sa inyo ng lahat ng nasa lupa.**

Ang nilalayon mula sa nilikha na ito, gaya ng naunang nabanggit, ay na dakilain si Allah, na talimain Siya sa pangmundong tahanang ito, na igalang ang iniutos Niya at ang sinaway Niya, na sasambahin Siya lamang sa pamamagitan ng pagtalima sa mga kautusan Niya, pagtalikod sa mga ipinagbabawal Niya, pagsadya sa Kanya sa paghiling sa mga pangangailangan sa sandali ng mga kasawiang-palad, pagdulog ng mga hinaing sa Kanya, paghiling ng saklolo mula sa Kanya, pagpapatulong sa Kanya sa bawat bagay, at sa lahat ng bagay-bagay kaugnay sa Mundo at Kabilang-buhay.

Kaya ang nilalayon sa pagkakalikha sa iyo at pagpapairal sa iyo, o lingkod ni Allah, ay paniwalaan mo ang pagkaiisa Niya; igalang mo ang ang iniutos Niya at ang sinaway Niya; na dudulog ka sa Kanya lamang sa mga pangangailangan mo; magpapatulong ka sa Kanya sa bagay na kaugnay sa pangrelihiyong buhay mo at pangmundong buhay mo; susundin mo ang aral na inihatid ng mga sugong propeta Niya; magpapaakay ka roon na tumatalima, nagkukusang-loob, umiibig sa anumang iniutos Niya at nasusuklam sa anumang sinaway Niya; na naghahangad sa awa ng Panginoon mo at natatakot sa kaparusahan Niya.

---

[13] Tumatangging sumampalataya kay Allah o sa Islam, o hindi Muslim, o hindi Mananampalataya.

Ang mga sugo ay isinugo sa mga tao upang ipakilala sa kanila ang katotohanang ito, upang ituro sa kanila ang isinasatungkulin sa kanila at ang ipinagbabawal sa kanila upang hindi nila sabihin: “Walang dumating sa amin na anumang tagapagbalita ng nakalulugod ni tagapagbabala.” Bagkus ay dumating na sa kanila ang mga sugo bilang mga tagapagbalita ng nakalulugod at mga tagapagbabala, gaya ng sinabi ni Allah (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, *na nagsasabi*: “Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang huwad na diyos.”**

Sinabi pa Niya (4:165): ***Nagsugo ng* mga sugo bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapagbabala upang hindi na magkaroon ang mga tao ng maikatuwiran kay Allah kapag wala na ang mga sugo. Si Allah ay laging Makapangyarihan, Marunong.** Sinabi pa Niya (21:25): **Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng anumang sugo malibang nagsiwalat Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako kaya sambahin ninyo Ako.**

Samakatuwid, isinugo nga ang mga propeta upang ituon nila ang tao at ang jinn tungo sa mensaheng inihatid nila at gabayan nila ang mga ito tungo sa mga kaparaanan ng kaligtasan, upang balaan nila ang mga ito laban sa mga kaparaanan ng kapahamakan, upang ilahad nila sa mga ito ang katwiran at putulin nila ang maipangdadahilan.

Si Allah ay nagnanais na ipagkapuri Siya. Dahil dito ay ipinagbunyi Niya ang sarili Niya ayon sa karapat-dapat sa Kanya. Siya ay mapanibughuin laban sa pagsuway sa mga ipinagbabawal Niya. Dahil dito ay ipinagbawal Niya ang

mga gawang mahalay: ang anumang nakahayag mula sa mga ito at ang anumang nakakubli.

Kailangan mo na purihihin Siya at ipagbunyi Siya sa pamamagitan ng karapat-dapat sa Kanya, yamang ukol sa Kanya ang papuri sa una at huli. Kailangan mo na ipagbunyi Siya sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya, na pasalamatan Siya sa pagbiyaya Niya at na magtiis sa anumang dumadapo sa iyo, kalakip ng mga kaparaanang isinabatas ni Allah at ipinahintulot sa iyo. Kailangan mo na igalang ang mga pagbabawal Niya, na layuan ang mga ito at na huminto sa hangganan ng mga ito bilang pagtalima sa Kanya at sa mensaheng inihatid ng mga sugo.

Kailangan mo na makaunawa sa Relihiyon mo, na matutunan na nilikha ka alang-alang doon, na magtiis alang-alang doon upang magampanan mo ang isinatungkulin sa iyo alinsunod sa kaalaman at pagkaunawa. Nagsabi ang Sugo (SAS): ***Ang sinumang pinagnanaisan ni Allah ng kabutihan ay pagkakalooban Niya ito ng pagkaunawa sa relihiyon***. Nagsabi pa siya: ***Ang sinumang tumahak sa isang landas, na naghahanap dahil doon ng kaalaman, ay padadaliin ni Allah para sa kanya dahil doon ang isang daan patungo sa Paraiso.*** Itinala ni Imám Muslim ang dalawang Hadíth na ito sa Sahíh niya.

Ang pinakadakila sa mga kautusan at ang pinakamahalaga sa mga ito ay pakaisahin Siya at iwan ang pagtatambal sa Kanya. Ito ang pinakamahalaga sa lahat. Ito ang batayan ng Relihiyong Islam. Ito ang relihiyon ng lahat ng sugo magmula sa una sa kanila hanggang sa huli sa kanila: ang pakaisahin si Allah at ang ibukod-tangi Siya sa pagsamba na hindi kasama ang bawat anumang iba pa sa Kanya.

Ito ang batayan ng Relihiyong Islam. Ito ang relihiyon ng lahat ng sugo magmula sa una sa kanila na si Noe hanggang sa pangwakas sa kanila na si Muhammad, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati. Hindi tatanggapin ni Allah mula sa kaninuman ang isang relihiyong iba pa sa Islam.

Tinawag itong Islam dahil napaloloob dito ang pagsuko kay Allah, ang pagpapakumbaba sa Kanya, ang pagpapakaalipin sa Kanya, ang pagpapaakay sa Kanya dahil sa pagtalima sa Kanya, ang paniniwala sa pagkaiisa Niya at ang pag-uukol ng kawagasan sa Kanya habang sumusuko sa Kanya.

[Kung Muslim ka,] isinuko mo na ang sarili mo kay Allah, iniukol mo nang wagas kay Allah ang gawa mo at ibinaling mo ang puso mo kay Allah nang palihim at hayagan, sa takot mo at pag-asa mo, sa salita mo at sa gawa mo, at sa lahat ng pumapatungkol sa iyo. Nalalaman mo na Siya ang totoong Diyos at ang karapat-dapat na sambahin, talimain at dakilain. Walang Diyos na iba sa Kanya at walang Panginoon bukod pa sa Kanya.

Nagkakaiba lamang ang mga batas [ng mga propeta], gaya ng sinabi Niya (5:48): **Para sa bawat *kalipunan* ay nagtalaga Kami sa inyo ng isang pagbabatas at isang pamamaraan.** Tungkol naman sa Relihiyon mula kay Allah, ito ay nag-iisa. Ito ang Relihiyong Islam at ito ay ang wagas na pag-uukol ng pagsamba kay Allah lamang; at ang pagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba tulad ng *Du'á'* (Panalangin), *Khawf* (Pangamba), *Rajá'* (Pag-asa), *Tawakkul* (Pananalig), *Raghbah* (Pagmimithi), *Rahbah* (Pangingilabot), *Saláh* (Dasal), *Sawm* (Pag-aayuno) at iba pa rito, gaya ng

sinabi Niya—kaluwalhatian sa Kanya at papuri sa Kanya —(17:23): **Itinadhana ng Panginoon mo na wala kayong sasambahin kundi Siya,** na ang ibig sabihin ay: Ipinag-utos Niya na wala kayong sasambahin maliban sa Kanya.

Sinabi pa Niya (1:5): **Sa Iyo *lamang* kami sumasamba at sa Iyo *lamang* kami nagpapatulong.** Ipinabatid Niya ito sa mga lingkod Niya upang sabihin nila ito at kilalanin nila ito. Kaya naman itinuro Niya sa kanila kung paanong papupurihan Siya. Sinabi Niya (1:2-4): **Ang *lahat ng* papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain, ang May-ari ng Araw ng Paggantimpala.**

Itininuro niya sa kanila ang dakilang pagpapapuring ito. Pagkatapos ay sinabi Niya (1:5): **Sa Iyo *lamang* kami sumasamba.** Itinuon Niya sila rito, at pinapurihan nila Siya ng karapat-dapat sa Kanya na papuri at pagkilala na Siya ang Panginoon ng mga nilalang, ang nagmamagandang-loob sa kanila, ang nag-aalaga sa kanila sa pamamagitan ng mga biyaya Niya, na Siya ang Napakamaawain, na Siya ang Pinakamaawain, at na Siya ang May-ari ng Araw ng Paggantimpala. Lahat ng ito ay karapatan ng Panginoon natin—kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan.

Pagkatapos ay sinabi Niya (1:5): **Sa Iyo *lamang* kami sumasamba at sa Iyo *lamang* kami nagpapatulong.** Sa Iyo kami sumasamba, tanging sa Iyo; at sa Iyo kami nagpapatulong, tanging sa Iyo. Walang Panginoon at walang tumutulong bukod sa Iyo. Kaya ang lahat ng nangyayari mula sa mga tao ay mula kay Allah. Siya ang nagpasunud-sunuran sa kanila at Siya ang naghanda sa kanila sa pangya-

yaring iyon, tumulong sa kanila roon at nagbigay sa kanila ng lakas para roon. Dahil dito ay nagsasabi Siya (16:53): **Ang anumang nasa inyo na biyaya ay mula kay Allah.** Samakatuwid, Siya ang nagbibiyaya, ang hinihingan ng tulong at ang sinasambang karapat-dapat—kapita-pitagan Siya at kataas-taasan Siya.

Kaya ikaw, lingkod ni Allah, kapag pinuntuhan ka ng isang biyaya mula sa kamay ng isang maliit na tao o malaking tao, o ng isang alipin o ng isang hari, o ng iba pa, ang lahat ng ito ay mula sa mga biyaya ni Allah. Siya ang umakay nito at nagpadali rito. Nilikha Niya ang naghatid nito o umakay nito sa kamay niyon, at nagpagalaw sa puso niyon upang ihatid ito sa iyo. Binigyan Niya iyon ng lakas, puso at isip. Inilagay Niya sa puso niyon ang dapat na ilagay hanggang sa ipinarating niyon ito sa iyo.

Samakatuwid, lahat ng biyaya ay mula kay Allah, maging anuman ang mga pamamaraan. Siya ang sinasamba na karapat-dapat. Siya ang Tagapaglikha ng mga tao. Siya ang tagapangalaga sa kanila sa pamamagitan ng mga biyaya. Siya ang tagahatol sa pagitan nila sa Mundo at Kabilang-buhay. Siya ang nagtataglay ng mga katangian ng kalubusan na malayo sa mga katangian ng kakulangan at kapintasan: nag-iisa sa pagkapanginoon Niya, nag-iisa sa pagkadiyos Niya at nag-iisa sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya—kapita-pitagan Siya at kataas-taasan Siya.

Siya ay nagtataglay ng *Tawhíd* sa lahat ng aspeto. Taglay Niya ang kaisahan sa paglikha Niya sa mga lingkod Niya, sa pangangasiwa Niya sa kanila, sa pagtutustos Niya sa kanila at pamamahala Niya. Walang nakikilahok sa Kanya

roon ni isa man. Pinangangasiwaan Niya ang kapakanan, gaya ng sinabi Niya (39:62): **Si Allah ay Tagalikha ng bawat bagay, at Siya sa bawat bagay ay Pinananaligan.**

Nagsabi rin Siya (51:58): **Tunay na si Allah ay ang Palatustos, ang May matatag na lakas.** Sinabi pa Niya (10:3-4): **Tunay na ang Panginoon ninyo ay si Allah na lumikha sa mga langit at lupa sa loob ng anim na araw. Pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono, nangangasiwa sa kapakanan. Walang anumang tagapamagitan malibang matapos ang kapahintulutan Niya. Iyan ang Panginoon ninyo kaya sambahin ninyo Siya. Kaya hindi ba kayo mapaalalahanan? Tungo sa Kanya ang balikan ninyong lahat.**

Samakatuwid, Siya ang karapat-dapat sa pagsamba dahil sa kalubusan ng pagbibiyaya Niya at kalubusan ng pagmamagandang-loob Niya, dahil sa Siya ang Palalikha at ang Palatustos, dahil sa Siya ay tagapamahala ng mga bagay-bagay at tagapangasiwa ng mga ito, at dahil sa Siya ay ang Lubos sa sarili Niya, mga katangian Niya at mga pangalan Niya. Dahil dito ay naging karapat-dapat Siya sa pagsamba ng lahat ng lingkod Niya at naging karapat-dapat ang pagpapasailalim para sa kanila.

Ang pagsamba (*'ibádah*) ay ang pagpapasailalim at ang pagpapakumbaba. Tinawag ang Relihiyon (*Dín*) na pagsamba dahil ang tao ay nagsasagawa nito sa pamamagitan ng pagpapasailalim kay Allah at pagpapakumbaba sa harap Niya. Dahil dito tinawag ang Islam na pagsamba. [Hinango ang salitang pagsamba (*'ibádah*) batay sa] sinasabi ng mga Arabe: daanan na pinatag (*mu'abbad*), na nangangahulugang

ginawang mababa, na inapak-apakan ng mga paa hanggang sa nagkaroon ng malinaw na bakas na nakikilala.

Ang *'abd* (alipin, lingkod) ay ang mababa na nagpaakay kay Allah, ang gumagalang sa mga kabanalan Niya. Kapag ang lingkod [ni Allah] ay naging higit na lubos sa pagkakilala kay Allah at higit na lubos sa pananampalataya sa Kanya, siya ay nagiging higit na lubos sa pagsamba.

Dahil dito ang mga sugo ang pinakalubos sa mga tao sa pagsamba dahil sila ang pinakalubos sa mga ito sa pagkakilala at kaalaman kay Allah, sa pagdakila sa Kanya kaysa sa iba sa kanila—ang mga pagpapala ni Allah at pagbati Niya ay sumakanila.

Dahil dito, inilarawan ni Allah ang Propeta Niya na si Muhammad (SAS) ayon sa katangian ng *'ubúdíyah* (pagpapakaalipin, pagkalingkod kay Allah) sa pinakamarangal na mga kalagayan niya, yamang nagsabi Siya (17:1): **Kaluwalhatian sa Kanya na nagdala sa lingkod Niya.** Nagsabi pa Siya (18:1): **Ang papuri ay ukol kay Allah na nagbaba sa lingkod Niya ng Aklat.** Sinabi pa Niya (72:19): **Na noong tumindig ang lingkod ni Allah *na si Muhammad* na nananalangin sa Kanya.** At iba pa.

Samakatuwid ang *'ubúdíyah* (pagpapakaalipin, pagkalingkod kay Allah) ay isang dakila at marangal na kalagayan. Pagkatapos ay dinagdagan pa sila ni Allah ng kalamangan buhat sa Kanya sa pamamagitan ng mensahe na ipinasugo Niya sa kanila. Kaya naman natipon sa kanila ang dalawang kalamangan: kalamangan ng pagkasugo at kalamangan ng natatanging pagkalingkod [ni Allah].

Ang pinakalubos sa mga tao sa pagsamba nila kay Allah at pangingilag nila sa pagkakasala sa Kanya ay ang mga

sugo at ang mga propeta—sumakanila ang pagpapala at ang pagbati. Pagkatapos ay sumusunod sa kanila ang mga mapagsampalataya na nalubos ang paniniwala nila kay Allah at sa mga sugo Niya, nagpakatatag sa kautusan Niya at naging mga napakabuting tao pagkatapos ng mga propeta.

Ang nangunguna sa kanila ay si Abú Bakr as-Siddíq (ang mapagsampalataya)—masiyahan nawa si Allah sa kanya. Siya ang ulo ng mga mapagsampalataya at ang pinakalubos sa kanila sa pagkamapagsampalataya sa pamamagitan ng kalamangan niya, pangingilag niya sa pagkakasala, pangunguna niya sa mga kabutihan, pagsasagawa niya sa kautusan ni Allah nang pinakamabuting pagsasagawa at dahil sa siya ay kapisan ng Sugo ni Allah sa yungib at katulong nito sa pamamagitan ng lahat ng nakakaya niyang lakas. Masiyahan nawa si Allah sa kanya at pasiyahin Niya siya.

Samakatuwid ang ipinakakahulugan nito ay na ang kalagayan ng pagkalingkod at ang kalagayan ng pagkasugo ay ang pinakaramarangal sa mga kalagayan. Kapag naman nawala ang pagkasugo kalakip ng kalamangan nito, matitira ang kalagayan ng pagkamapagsampalataya kalakip ng pagsamba.

Kaya ang pinakalubos sa mga tao sa pananampalataya, pagkamatuwid, pangingilag sa pagkakasala, pagkapatnubay ay ang mga sugo at ang mga propeta—sumakanila ang pagpapala at ang pagbati—dahil sa kalubusan ng kaalaman nila kay Allah, ng pagsamba nila sa Kanya at ng pagpapakumbaba nila sa kadakilaan Niya.

Pagkatapos ay sumusunod sa kanila ang mga mapagsampalataya, pagkatapos ay ang mga martir, pagkatapos ay ang mga matuwid, gaya ng sinabi Niya (4:69): **Ang sinumang**

**tumatalima kay Allah at sa Sugo, ang mga iyon ay kasama nila na mga biniyayaan ni Allah na kinabibilangan ng mga propeta, mga mapagsampalataya, mga martir at mga matuwid. Maganda ang mga iyon bilang kasama.**

Kailangang kasama sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah ay may paniniwala sa mga sugo Niya. Dahil dito noong ipinadala ni Allah ang Sugo Niya na si Muhammad (SAS) ay nag-anyaya muna siya sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at saka sa pananampalataya na siya ay Sugo ni Allah (SAS).

Kaya kailangan ang dalawang bagay: ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at ang pag-uukol ng kawagasan sa Kanya. Kailangang kasama niyon ay may paniniwala sa mga sugo —sumakanila ang pagpapala at ang pagbati ni Allah.

Kaya ang sinumang naniwala sa pagkaiisa ni Allah at hindi naniwala sa mga sugo, siya ay isang Káfir. Ang sinumang naniwala sa kanila at hindi naniniwala sa pagkaiisa ni Allah, siya ay isang Káfir. Kaya kailangan ang dalawa: ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at ang paniniwala sa mga sugo Niya—sumakanila ang pagpapala at ang kapayapaan.

Ang pagkakaiba sa kalagayang ito ay sa mga batas. Tungkol naman sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, pag-uukol ng kawagasan sa Kanya, pagtalikod sa pagtatambal sa Kanya at paniniwala sa mga sugo, ito ay bagay na walang pagkakaiba hinggil dito sa pagitan ng mga propeta. Bagkus walang Islam, walang relihiyon, walang patnubay at walang kaligtasan maliban pa sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, pagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba, at pananampala-

taya sa inihatid ng mga sugo Niya—sumakanila ang pagpapala at ang pagbati—sa kabuuan at sa detalye.

Ang sinumang naniwala sa pagkaiisa ni Allah ngunit hindi naniwala kay Noe (AS)[14] noong panahon nito, o kay Abraham noong panahon nito, o kay Húd, o kay Sálih, o kay Ismael, o kay Isaac, o kay Jacob, o sa sinuman pagkatapos ng mga ito hanggang sa Propeta nating si Muhammad (SAS), siya ay isang Káfir kay Allah hangga't hindi siya naniniwala sa lahat ng propeta kalakip ng paniniwala sa pagkaiisa ni Allah.

Ang Islam noong panahon ni Adan (AS) ay ang paniniwala sa kaisahan ni Allah kalakip ng pagsunod sa batas ni Adan (AS). Ang Islam noong panahon ni Noe (AS) ay ang paniniwala sa kaisahan ni Allah kalakip ng pagsunod sa batas ni Noe (AS). Ang Islam noong panahon ni Húd (AS) ay ang paniniwala sa kaisahan ni Allah kalakip ng pagsunod sa batas ni Húd (AS). Ang Islam noong panahon ni Sálih (AS) ay ang paniniwala sa kaisahan ni Allah kalakip ng pagsunod sa Batas ni Sálih (AS), hanggang sa dumating ang Propeta natin na si Muhammad (SAS). Kaya ang Islam sa panahon natin ay ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah kalakip ng pananampalataya sa inihatid ni Muhammad (SAS) at pagsunod sa Batas niya.

Ang mga Hudyo at ang mga Kristiyano, yamang hindi sila naniwala kay Muhammad (SAS), ay naging mga naliligaw na Káfir. Kung ipagpapalagay natin na ang iba sa

[14] (AS): '**A**layhis **S**alám: Sumakanya ang Kapayapaan. Sinasabi ito kapag ang pangalan o ang taguri ng isang anghel o isang propeta bukod pa kay Propeta Muhammad (SAS) ay binanggit.

kanila ay sumampalataya sa pagkaiisa ni Allah, tunay na sila ay mga naliligaw na Káfir pa rin ayon sa napagkaisahang pahayag ng mga Muslim dahil sa kawalan nila ng pananampalataya kay Muhammad (SAS).

Kaya kung sakaling sinabi ng isang tao: "Ako ay sumasamba kay Allah lamang, naniniwala kay Muhammad sa lahat ng bagay maliban sa pagbabawal sa pangangalunya," at itinuring niya ito na ipinahihintulot, tunay na siya dahil dito ay nagiging isang Káfir na walang pananagutan ang Islam sa buhay at ari-arian niya ayon sa napagkaisahang pahayag ng mga Muslim.

Gayon din kung sakaling naniniwala ang isang tao sa pagkaiisa ni Allah, sumasamba siya sa Kanya lamang na walang sinumang iba pa sa Kanya, at naniniwala siya sa lahat ng sugo sa pangunguna ni Propeta Muhammad (SAS) maliban sa pagbabawal sa Sodomiya: ang pakikipagtalik ng isang lalaki sa ibang lalaki, ang taong ito ay naging isang Káfir na walang pananagutan ang Islam sa buhay at ari-arian niya, ayon sa napagkaisahang pahayag ng mga Muslim. Ito ay matapos ang pagkakalahad ng patunay roon kapag ang tulad niya ay mangmang hinggil doon. Hindi niya mapakikinabangang ang paniniwala niya sa pagkaiisa ni Allah ni ang pananampalataya sa Kanya dahil siya ay nagpasinungaling sa Sugo (SAS) at nagpasinungaling kay Allah sa ilang bagay.

Gayon din kung sakaling naniwala siya sa pagkaiisa ni Allah at naniwala sa mga sugo ngunit kinukutya naman niya ang Sugo (SAS) sa anumang bagay, o minaliit niya ang Sugo sa anumang bagay o ang ilan sa mga sugo. Ang taong ito ay naging isang Káfir dahil doon, gaya nga ng

sinabi ni Allah (9:65-66): **Sabihin mo: “Kay Allah, sa mga Tanda Niya, sa Sugo Niya ba kayo nangungutya?” Huwag na kayong magdahilan pa; tumanggi na kayong sumampalataya matapos ang pagsampalataya ninyo.**

Dagdag pa roon, tunay na ang kasalungat ng Tawhíd na ito ay ang Shirk[15] kay Allah—kamahalan-mahalan at kapitapitagan Siya—sapagkat tunay na ang bawat bagay ay may kasalungat. Ang kasalungat ay nililinaw sa pamamagitan ng kasalungat. Sinabi ng isa sa mga manunulat:

Ang salungat ay pinalilitaw ang ganda nito ng salungat
Sa pamamagitan ng salungat nakikilala ang mga bagay

Ang Shirk (Pagtatambal) kay Allah ay ang kasalungat ng Tawhíd na ipinadala ni Allah dahil dito ang mga sugo —sumakanila ang pagpapala at ang pagbati ni Allah. Ang Mushrik[16] ay nagtatambal kay Allah dahil siya ay nagtambal kay Allah ng iba pa sa Kanya sa anumang nauugnay sa pagsambang ukol kay Allah lamang o anumang nauugnay sa paghahari Niya at pangangasiwa Niya sa mga tao, o dahil sa kawalan ng paniniwala niya sa anumang ipinabatid ni Allah o sa anumang isinabatas Niya. Ang taong ito dahil doon ay naging isang Mushrik kay Allah at dahilan na rin sa nangyari sa kanya na gawaing kabilang sa Shirk.

Ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, na siyang kahulugan ng adhikaing walang Diyos kundi si Allah, ay nanga-

---

15 Ang Shirk ay ang Pagtatambal ng anuman o sinuman kay Allah sa anumang nauukol sa Kanya lamang gaya ng pagkadiyos, pagkapanginoon at mga pangalan at mga katangian.

16 Ang gumagawa ng Shirk o Pagtatambal ng anuman o sinuman kay Allah. Tingnan ang kahulugan ng Shirk sa naunang talibaba.

ngahulugang walang sinasamba na karapat-dapat kundi si Allah. Ito ay nagkakaila sa iba pa kay Allah ng karapatang pag-ukulan ng pagsamba at kumikilala nito para kay Allah lamang.

Sinabi ni Allah (31:30): **Iyon ay dahil sa si Allah ay ang Katotohanan, at na ang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang kabulaanan,** Sinabi pa Niya (47:19): **Kaya alamin mo na walang Diyos kundi si Allah,** Sinabi pa Niya (3:18): **Sumaksi si Allah na walang Diyos kundi Siya—at *gayon din* ang mga anghel at ang mga may kaalaman—na *Siya ay* nagpapanatili sa pagkamakatarungan. Walang Diyos kundi Siya, ang Nakapangyayari, ang Marunong.** Sinabi rin Niya (16:51): **Nagsabi si Allah: "Huwag kayong gumawa ng dalawang diyos. Siya ay nag-iisang Diyos lamang,**

Samakatuwid, ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah ay ang pagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba alinsunod sa pananampalataya, alinsunod sa katapatan at alinsunod sa gawa: hindi sa salita lamang. Kalakip dito ang paniniwala na ang pagsamba sa iba pa sa Kanya ay kabulaanan at na ang mga sumasamba sa iba pa sa Kanya ay mga Mushrik, at kalakip din ng di-pagtangkilik sa kanila.

Sinabi Niya (60:4): **Nagkaroon na para sa inyo ng isang magandang huwaran dahil kay Abraham at sa mga kasama niya noong nagsabi sila sa mga kababayan nila: "Tunay na kami ay mga nagtatatwa sa inyo at sa anumang sinasamba ninyo bukod pa kay Allah. Tumanggi kaming maniwala sa inyo at lumitaw na sa pagitan namin**

**at ninyo ang poot at ang suklam magpakailanman, malibang sumampalataya kayo kay Allah lamang.”**

Sinabi pa Niya (43:26-27): ***Banggitin* noong nagsabi si Abraham sa ama niya at mga kalipi niya: “Ako ay nagtatatwa sa anumang sinasamba ninyo, maliban sa lumalang sa akin sapagkat tunay na Siya ay magpapatnubay sa akin.** Samakatuwid itinatwa niya ang mga sumasamba sa iba pa kay Allah at ang anumang sinasamba nila.

Samakatuwid ang ipinakakahulugan nito ay na kailangang may paniniwala sa pagkaiisa ni Allah sa pamamagitan ng pagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba at ang pagtatwa sa pagsamba sa iba pa sa Kanya at sa mga sumasamba sa iba pa sa Kanya. Kailangang may paniniwala sa kawalang-saysay ng Shirk. Ang isinasatungkulin sa lahat ng mananamba na jinn at tao ay na itangi nila si Allah sa pagsamba at gampanan nila ang karapatan ng paniniwalang ito sa pagkaiisa ni Allah sa pamamagitan ng pagpapatupad sa kahatulan ng Batas ni Allah sapagkat tunay na si Allah—napakamaluwalhati Niya at pagkataas-taas Niya—ay ang Tagahatol.

Kabilang sa paniniwala sa pagkaiisa Niya ay ang pananampalataya at ang paniniwala roon sapagkat Siya ang Tagahatol sa Mundo sa pamamagitan ng Batas Niya at sa Kabilang-buhay sa pamamagitan ng sarili Niya. Sinabi Niya (6:57): **Ang paghahatol ay ukol kay Allah lamang.** Sinabi pa Niya (40:12): **Kaya ang paghahatol ay ukol kay Allah, ang Mataas, ang Malaki.** Sinabi pa Niya (42:10): **Ang anumang bagay na nagkaiba-iba kayo hinggil dito, ang kahatulan nito ay kay Allah.**

Ang pagtuon ng ilang pagsamba sa mga walí, o mga propeta, o araw, o buwan, o mga jinn, o mga anghel, o mga imahen, o mga punong-kahoy, o anuman, ang lahat ng ito ay pagpapakulang sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at nagpapawalang-saysay roon.

Nalaman na si Allah ay nagpadala ng Propeta Niya na si Muhammad (SAS) at ng mga propeta na nauna doon sa mga kalipunan na sumasamba sa iba pa kay Allah. Mayroon sa mga ito na sumasamba sa mga Propeta at mga matuwid na tao. Mayroon sa mga ito na sumasamba sa mga punong-kahoy at mga bato. Mayroon sa mga ito na sumasamba sa mga nililok na imahen. Mayroon sa mga ito na sumasamba sa mga planeta at iba pa.

Inanyayahan ng mga propeta ang lahat ng mga ito sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at pananampalataya sa Kanya, na sabihin ng mga ito na walang totoong Diyos kundi si Allah, na ayawan ang pagtangkilik sa anumang sumasalungat dito, na ayawan ang pagtangkilik sa mga sumasamba sa iba pa kay Allah at sa mga sinasamba nila.

Ang sinumang magtuon ng ilang pagsamba sa iba pa kay Allah ay hindi naniwala sa pagkaiisa Niya, gaya ng sabi Niya (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo,** ***na nagsasabi*****: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang huwad na diyos."**

Sa pamamagitan nito, malalaman mo na ang ginagawa sa paligid ng mga puntod na sinasamba bukod pa kay Allah tulad ng puntod ni al-Badawí, ni al-Husayn sa Egipto at ng mga gaya niyon, at ang nangyayari sa ilan sa mga mang-mang na nagsasagawa ng Hajj at iba pa sa tabi ng puntod ng Propeta (SAS) na gaya ng paghingi ng suporta at tulong

laban sa mga kaaway, pagpapasaklolo roon, pagdaing doon at mga tulad niyon ay isang pagsamba sa iba pa kay Allah at na ito ay Shirk ng Unang Kamangmangan.

Gayon din naman, ang maaaring nangyayari sa ilan sa mga Súfí dahil sa paniniwala nila na ang ilan sa mga walí ay nagpapainog sa Sansinukob at nangangasiwa sa mundong ito—magpakupkop kay Allah—ay isang napakalaking Shirk sa Pagkapanginoon.

Gayon din ang nangyayari dahil sa paniniwala ng ilan sa mga tao na ang ilan daw sa mga nilikha ay may koneksiyon sa Panginoon. Ang ilan daw ay makaiiwas sa pagsunod sa Sugo na si Muhammad (SAS) dahil doon. Ang ilan daw ay nakaaalam sa Nakalingid. Ang ilan daw ay nakapangyayari sa mga nilalang. At iba pang gaya niyon. Tunay na ito ay napakalaking kawalang pananampalataya kay Allah at isang litaw na Shirk, na nagtitiwalag[17] sa naniniwala roon mula sa relihiyong Islam kahit pa nakaanib siya rito.

Samakatuwid walang tunay na paniniwala sa pagkaiisa, ni pagsuko, ni pananampalataya kay Allah, ni kaligtasan maliban sa pagbubukod-tangi kay Allah sa pagsamba at sa pananampalataya na Siya ay nagmamay-ari sa paghahari [sa lahat] at pangangasiwa sa lahat, at na Siya ay lubos sa

---

[17] Ang konsepto ng pagtitiwalag sa Islam ay naiiba sa konsepto ng pagtitiwalag o *excommunication* sa Kristiyanismo. Sa Islam ang nagtitiwalag sa isang Muslim ay ang maling paniniwala niya o ang sarili niya sa pamamgitan ng pagtalikod sa Islam, samantalang ang nagtitiwalag naman sa Kristiyano ay ang pamunuan ng relihiyon niya. Ang isang Muslim ay hindi maaaring itiwalag ng isang Muslim o mga Muslim maging gaano man kataas ang kalagayan nila sa Islam.

sarili Niya, mga katangian Niya, mga pangalan Niya at mga gawa Niya. Walang katambal para sa Kanya, walang kawangis sa Kanya, at hindi Siya masusukat sa pamamagitan ng nilikha Niya, yamang taglay niya ang ganap na kalubusan sa sarili Niya, mga katangian Niya, at mga gawa Niya. Siya ang nangangasiwa sa kaharian Niya. Wala Siyang katambal at walang makapag-iiba sa kahatulan Niya.

Ito ay ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah. Ito ay ang pagbubukod-tangi sa Kanya sa pagsamba. Ito ang relihiyon ng lahat ng sugo. Ito ang kahulugan ng sinabi Niya (1:5): **Sa Iyo *lamang* kami sumasamba at sa Iyo *lamang* kami nagpapatulong.** Nangangahulugan ito na: Naniniwala kami sa pagkaiisa Mo, tumatalima, umaasa at natatakot, gaya nga ng sinabi ni Ibnu 'Abbás: "Sumasamba kami sa Iyo, tanging sa Iyo; umaasa sa Iyo at natatakot sa Iyo; sa Iyo kami nagpapatulong ayon sa pagtalima sa Iyo at sa lahat ng gawain namin."

Samakatuwid ang pagsamba ay ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at ang pag-uukol ng kawagasan sa Kanya sa pagtalima sa mga utos Niya at pagtalikod sa mga sinaway Niya. Kalakip nito ang lubos na pananampalataya na Siya ay karapat-dapat sa pagsamba; na Siya ang Panginoon ng mga nilalang, ang tagapangasiwa sa mga lingkod Niya, ang nagmamay-ari sa bawat bagay; na Siya ang lubos sa sarili Niya, mga pangalan Niya, mga katangian Niya at mga gawa Niya: walang kakulangan sa Kanya, walang kapintasan sa Kanya, at walang kahati sa Kanya sa anuman doon bagkus taglay Niya ang ganap na kalubusan sa bawat bagay.

Dahil dito, nalalaman natin na kailangang may paniniwala sa lahat ng sugo sa anumang aral na inihatid nila, na ang nangunguna sa kanila ay ang Propeta nating si Muhammad —sumakanya ang pagpapala at ang pagbati ni Allah. Kapag nag-ukol ng kawagasan ang tao sa pagsamba kay Allah lamang, naniwala sa mga Sugo—sumakanila ang pagpapala at ang pagbati ni Allah—lalo na kay Propeta Muhammad (SAS), nagpaakay sa Batas Niya, at sumunod doon **maliban sa isa o higit pa mula sa mga nakasisira sa pagsunod sa Islam**, iyon ay magpapawalang-saysay sa pagsamba niya at hindi magdudulot ng pakinabang sa kanya ang anumang taglay niya na mga gawaing pang-Islam.

Kaya kung sakaling naniwala ang isang tao kay Propeta Muhammad (SAS) sa lahat ng bagay at nagpaakay sa Batas niya sa lahat ng bagay ngunit nagsabi ito sa kabila niyon na si Musaylamah ay sugo ni Allah kasama ni Muhammad (SAS)—ang tinutukoy ko ay si Musaylamah al-Kadhdhab na pumunta sa al-Yamámah at kinalaban ng mga Kasamahan ng Sugo noong panahon ng pamumuno ni Abu Bakr as-Siddiq (RA)[18] —ay nawalan na ng saysay ang paniniwalang ito at nawalan ng saysay ang mga gawa ng taong ito.

Walang maidudulot na pakinabang sa kanya ang pag-aayuno sa maghapon, ni ang tahajjud sa gabi, ni ang iba pa sa mga gawa niya dahil siya ay nakagawa ng isa sa mga nakasisira sa pagsunod sa Islam. At ito ay ang paniniwala

---

[18] (RA): ***Radiyalláhu 'Anhu*** para sa lalaki, ***Radiyalláhu 'Anhá*** para sa babae, ***Radiyalláhu 'Anhum*** para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Masiyahan nawa sa kanya (o kanila) si Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o ang taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

niya kay Musaylamah al-Kadhdhab dahil iyon ay naglalaman ng isang pagpapasinungaling kay Allah sa sinabi Niya (33:40): **Si Muhammad ay hindi ama ng isa sa mga kalalakihan ninyo bagkus ay Sugo ni Allah at ang pangwakas sa mga Propeta.** Naglalaman din iyon ng pagpapasinungaling sa Sugo (SAS) sa sinabi niya sa mga laganap na <u>H</u>adíth na siya ang pangwakas sa mga Propeta at wala nang propeta pagkatapos niya.

Ganoon din ang sinumang nag-aayuno nga sa maghapon, nagsasagawa ng tahajjud sa gabi, sumamba kay Allah at ibinukod-tangi si Allah sa pagsamba, sumunod sa Sugo (SAS), at pagkatapos niyon sa alinmang sandali ay nagtuon ng ilang pagsamba sa iba pa kay Allah gaya ng pag-uukol ng ilang pagsamba sa Propeta o sa isang Walí, o sa isang imahen, o sa araw, o sa buwan, o sa isang tala, o anumang tulad niyon: dinadalanginan ito, hinihingan ng suporta at pinagkukunan ng tulong. Nawawalan ng saysay ang mga naunang gawa niya hanggang sa magbalik-loob siya kay Allah, gaya ng sinabi Niya (6:88): **Ngunit kung sakaling nagtambal sila *kay Allah* ay talagang nawalan ng kabuluhan para sa kanila ang anumang ginagawa nila noon.** Sinabi pa Niya (39:65): **Talagang isiniwalat na sa iyo at sa mga nauna sa iyo na talagang kung nagtambal ka *kay Allah* ay talagang mawawalang-kabuluhan ang gawa mo at talagang magiging kabilang ka nga sa mga nalulugi.**

Gayon din kung sakaling sumampalataya ang isang tao kay Allah sa lahat ng bagay at naniniwala kay Allah sa lahat ng bagay, maliban sa pagbabawal sa pangangalunya yamang sinabi niya na ang pangangalunya ay ipinahihintulot daw, o ang Sodomiya ay ipinahihintulot daw, o ang alak ay ipina-

hihintulot daw. Dahil dito siya ay nagiging isang Káfir kahit pa man isinasagawa niya ang lahat ng iba pang utos ng Relihiyon mula kay Allah. Ang pagtuturing niya na ipinahihintulot ang anumang ipinagbawal ni Allah, na kabilang sa kailangang malaman mula sa aral ng Islam, ay dahilan upang siya ay maging isang Káfir at isang tumalikod sa Islam. Hindi niya pakikinabangan ang mga gawa niya at ang paniniwala niya sa pagkaiisa ni Allah, ayon sa pahayag ng lahat ng Muslim.

Gayon din kung sinabi ng isang tao na si Noe, o si Húd, o si Sálih, o si Abraham, o si Ismael, o ang iba pang propeta ay hindi propeta, siya ay nagiging isang Káfir kay Allah. Ang lahat ng gawa niya ay walang kabuluhan dahil siya, sa pamamagitan niyon, ay nagpasinungaling kay Allah hinggil sa ibinalita Niya tungkol sa kanila.

Gayon din kung sakaling ipinagbawal ng isang tao ang anumang ipinahintulot ni Allah, sa kabila ng paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, katapatan at pananampalataya sa mga sugo. Kaya kung nagsabi ito halimbawa: "Ako ay hindi nagtuturing na ipinahihintulot kainin ang kamelyo o ang baka o ang tupa," o ang iba pa sa mga ito na kabilang naman sa napagkaisahang ipinahintulot ni Allah at nagsabing ito ay ipinagbabawal. Sa pamamagitan nito siya ay nagiging isang Káfir at tumatalikod sa Islam. Ito ay matapos ang paglalahad ng patunay sa kanya kapag ang tulad niya ay maaaring hindi nakababatid doon at nakasumpong ng isang kauri na nagtuturing na ipinahintulot ang ipinagbawal ni Allah.

O nagsabi ang isang tao: "Hindi ipinahintulot ni Allah ang trigo o ang barley; bagkus ang mga ito ay ipinagbabawal,"

at anumang nakawawangis nito. Siya ay nagiging isang Káfir. O nagsabi siya na ipinahihitulot daw na mapangasawa ang anak o ang kapatid, siya dahil dito ay nagiging isang Káfir at tumalikod sa Islam kahit pa nagdarasal siya, nag-aayuno at ginagawa ang iba pang mga pagtalima kay Allah dahil ang nag-iisang kawalang-pananampalataya mula sa mga kautusan na ito ay nagpapawalang-saysay sa pagiging kaanib niya sa Islam, gaya ng sinabi ni Allah (6:88): **Ngunit kung sakaling nagtambal sila *kay Allah* ay talagang nawalan ng kabuluhan para sa kanila ang anumang ginagawa nila noon.**

Tayo ay nasa isang panahon na nanaig ang kamangmangan at nangaunti ang kaalaman. Tumuon ang mga tao, maliban sa niloob ni Allah, ang ibang mga kaalaman at ang ibang mga usaping nauugnay sa makamundong buhay. Kumaunti ang kaalaman nila kay Allah at sa Relihiyon mula sa Kanya dahil sila ay inabala ng nakasasagabal sa kanila doon. Ang higit na nangingibabaw sa mga aralin ay naging tungkol sa mga bagay na nauugnay sa makamundong buhay. Tungkol naman sa pag-uunawa sa Relihiyon mula kay Allah at pagninilay-nilay sa Batas Niya at Tawhid Niya, inayawan na ito ng mga nakararami. Ang nagpapakaabala rito sa ngayon ay ang pinakakaunti sa mga iilan.

Kaya nararapat sa iyo, lingkod ni Allah, ang pagbibigay-pansin sa bagay na ito at ang pagdulog sa Aklat ni Allah at Sunnah[19] ng Sugo Niya (SAS) bilang pag-aaral, pagmumuni-

---

[19] Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay ang "kalakaran" o "pamamaraan" ni Propeta Muhammad (SAS). Tumutukoy ito sa **sinabi**, **ginawa**, at **sinang-ayunan** ni Propeta Muhammad (SAS)

muni at pag-uunawa. Ito ay nang sa gayon ay malaman mo ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at ang pananampalataya sa Kanya, nang sa gayon ay malaman mo kung ano ang pagtatambal kay Allah, nang sa gayon ikaw ay maging mulat sa Relihiyon mo at nang sa gayon ay malaman mo ang dahilan ng pagpasok sa Paraiso at ang pagkaligtas mula sa Apoy. Kalakip nito ang pagpapahalaga sa pagdalo sa mga pagtitipon sa pagtamo ng kaalaman, pakikipagsanggunian sa mga may kaalaman at pananampalataya, nang sa gayon ay makakuha at makapagdulot ng kaalaman, at nang sa gayon ikaw ay maging nakabatay sa patunay at kamalayan sa kapakanan mo.

---

at pati na sa **paglalarawan** sa kanya. Ang Sunnah ay nakarating sa atin sa pamamagitan ng <u>H</u>adíth o sanaysay tungkol sa Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang sunnah naman na may maliit na titik na **s** ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil alinsunod sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa. Ang Tagapagsalin.

# Ang Dalawang Shirk: Malaki at Maliit

## Ang Malaking Shirk

Sumasalungat ito sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, sumasalungat sa Islam at nagpapawalang-kabuluhan sa mga gawa. Ang mga Mushrik ay mapupunta sa Apoy. Ang bawat gawain o pahayag na napatunayan ng mga patunay na ito ay pagtanggi sa pananampalataya kay Allah gaya ng pagpapasaklolo sa mga patay o mga imahen, o paniniwala na ipinahihintulot ang ipinagbawal ni Allah o ipinagbabawal ang ipinahintulot ni Allah, o pagpapasinungaling sa ilan sa mga sugo, ang mga nabanggit na ito ay nagpapawalang kabuluhan sa mga gawa at nagbubunsod sa pagtalikod sa Islam, gaya ng naunang paglilinaw. Nagsabi si Allah (4:48): **Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit magpapatawad Siya sa anumang mababa pa roon sa kaninumang loloobin Niya. Ang sinumang nagtatambal kay Allah ay nakagawa nga ng isang mabigat na kasalanan.**

Dito ay nilinaw ni Allah na ang kasalanang Shirk ay hindi patatawarin.[20] Pagkatapos ay ginawa Niya na kondisyonal sa kalooban Niya ang kapatawaran sa kasalanang mababa sa Shirk, kaya naman ang kapasyahan nito ay nasa kay Allah.

---

[20] Ang anumang kasalanang kinamatayan nang hindi natalikdan at hindi naihingi ng tawad ay **maaari pang** patawarin ni Allah kung loloobin Niya, maliban sa kasalanang Shirk sapagkat ang Shirk ay kailangang tinalikdan muna bago namatay upang mapatawad ni Allah. Ang Tagapagsalin.

Kung loloobin niya ay patatawarin Niya ang taong nakagawa niyon, at kung loloobin Niya ay pagdurusahin Niya siya ayon sa laki ng mga pagsuway na kinamatayan niya nang **hindi nagbabalik-loob**. Pagkatapos nito, matapos na nalinis siya sa pamamagitan ng parusa sa Apoy ay palalabasin siya ni Allah mula roon patungo sa Paraiso ayon sa nagkakaisang paniniwala ng Ahlus Sunnah[21] wal Jamá'ah,[22], taliwas sa paniniwala ng mga Khárijí, mga Mu'tazil at sino mang tumahak sa daan nila.

Tungkol naman sa ayah sa Súrah az-Zumar: 53, tumutukoy ito sa kalagayang pangkalahatan at walang takda. Sinabi Niya (39:53): **Sabihin mo *na sinabi Ko*: "O mga lingkod Ko na nagmalabis laban sa mga sarili nila, huwag kayong mawalan ng pag-asa sa awa ni Allah; tunay na si Allah ay nagpapatawad sa lahat ng pagkakasala. Tunay na Siya ay ang Mapagpatawad, ang Maawain."** Sinabi ng mga maalam sa Islam na ang ayah na ito (39:53) ay patungkol sa mga nagbabalik-loob samantalang ang ayah sa Súrah an-Nisá' (4:48) ay patungkol sa mga hindi nagbabalik-loob na namatay sa kalagayan ng Shirk, na nagpapatuloy sa paggawa

---

[21] Ang Sunnah, na may malaking titik na **S**, ay ang pamamaraan o kalakaran ni Propeta Muhammad (SAS), na tumutukoy sa kung ano **ang sinabi**, **ang ginawa** at **ang sinang-ayunan** ni Propeta Muhammad (SAS). Ang Sunnah ay nakarating sa atin sa pamamagitan ng Hadíth o sanaysay tungkol sa Sunnah ni Propeta Muhammad. Ang sunnah naman, na may maliit na titik na **s**, ay tumutukoy sa gawaing kanais-nais gawin dahil alinsunod sa Sunnah ng Propeta. Ang gawaing sunnah ay kanais-nais ngunit hindi tungkuling isagawa. Ang Tagapagsalin.

[22] Ang Ahlus Sunnah wal Jamá'ah, sa literal na kahulugan, ay ang mga Tagatangkilik ng Sunnah at Pagkakabuklod. Ang Tagapagsalin.

ng ilan sa mga pagsuway, at ito ay ang sabi Niya (4:48): **Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit magpapatawad Siya sa anumang mababa pa roon sa kaninumang loloobin Niya.**

Tungkol naman sa namatay sa kalagayan na mababa pa sa Shirk gaya ng pangangalunya at iba pang mga pagsuway, samantalang sumasampalataya naman siya na ang mga ito ay mga ipinagbabawal at hindi itinuring na ipinahihintulot ang mga ito subalit sumakabilang-buhay nang hindi napagsisihan ang mga ito, ang taong ito ay nasa ilalim ng kalooban ni Allah ayon sa Ahlus Sunnah wa al-Jamá'ah. Kung loloobin ni Allah ay patatawarin Niya ito at papapasukin ito sa Paraiso dahil sa paniniwala nito sa pagkaiisa Niya at pagyakap nito sa Islam; at kung loloobin naman Niya ay pagdurusahin Niya ito sa Apoy ayon sa laki ng mga pagsuway na kinamatayan nito, gaya ng pangangalunya at pag-inom ng alak, o kalapastanganan nito sa mga magulang nito, o pagpuputol sa kaugnayan sa mga kaanak niya, o iba pa roon na kabilang sa malalaking kasalanan gaya ng naunang paglilinaw niyon.

Naniwala naman ang mga Khárijí na ang nakagagawa ng pagsuway ay pananatilihin sa Apoy at siya raw sa pamamagitan ng mga pagsuway ay Káfir rin. Sinang-ayunan sila ng mga Mu'tazil sa pananatili nito sa Apoy. Subalit ang Ahlus Sunnah wa al-Jamá'ah ay sumalungat sa mga ito sa usaping iyon. Naniniwala Ahlus Sunnah wa al-Jamá'ah na ang nangangalunya, ang magnanakaw, ang lapastangan sa mga magulang at iba pang kabilang sa mga may mga malaking kasalanan ay hindi nagiging mga Káfir dahil doon

at hindi sila mananatili sa Apoy yamang hindi naman nila itinuring na ipinahihintulot ang mga pagsuway na iyon. Bagkus sila ay nasa ilalim ng kalooban ni Allah gaya ng naunang nabanggit. Ito ay mga malalaking bagay na nararapat na malaman natin nang maigi at maunawaan nang higit sapagkat ang mga ito ay mga batayan ng Paniniwala.

Nararapat na mabatid ng Muslim ang katotohanan ng Relihiyon niya at ang kasalungatan nito na pagtatambal kay Allah, at malaman na ang pinto ng pagbabalik-loob mula sa Shirk at mga pagsuway ay bukas hanggang sa bago sumikat ang araw mula sa kanluran nito. Subalit ang malaking sakuna ay ang kawalang-kamalayan sa Relihiyon mula kay Allah at ang kawalan ng pagkaunawa rito. Marahil ay nasadlak na ang isang tao sa Shirk samantalang hindi pa niya napapansin dahil sa pananaig ng kamangmangan at kasalatan ng kaalaman sa inihatid ng Sugo na patnubay at Relihiyon ng katotohanan.

Kaya mag-ingat ka para sa sarili mo, ikaw na nakauunawa. Igalang mo ang kabanalan ng Panginoon mo. Mag-ukol ka ng kawagasan kay Allah sa gawain mo. Magdali-dali ka sa paggawa ng mga kabutihan. Alamin mo ang Relihiyon mo ayon sa mga patunay nito. Pakaunawain mo ang Qur’an at ang Sunnah sa pamamagitan ng pagtuon sa Aklat ni Allah sa pamamagitan ng pagdalo sa mga pagtitipon para sa kaalaman at pakikisama sa mga mabuti nang sa gayon ay malaman mo ang relihiyon mo ayon sa kabatiran.

Dalasan mo ang paghiling sa Panginoon mo ng katatagan sa pananatili sa patnubay at katotohanan. Pagkatapos, kapag nasadlak ka sa isang pagsuway ay magsagawa ka agad ng

pagbabalik-loob. Ang lahat ng anak ni Adam ay mga nagkakasala ngunit ang pinakamabuti sa mga nagkakasala ay ang mga nagbabalik-loob gaya ng nasasaad sa tumpak na Hadíth. Ang pagsuway ay kakulangan sa pagsunod sa Relihiyon at kahinaan ng pananampalataya.

Magmadali, magmadali sa pagbabalik-loob, pagkalas sa kasalanan, pagsisisi, at si Allah ay tatanggap ng pagbabalik-loob ng sinumang nagbabalik-loob. Siya ang nagsabi (24:31): **Magbalik-loob kayong lahat kay Allah, o mga Mananampalataya, nang harinawa kayo ay magtagumpay**. Sinabi pa Niya (66:8): **O mga sumampalataya, magbalik-loob kayo kay Allah nang may tapat na pagbabalik-loob.**

Samakatuwid ang pagbabalik-loob ay kailangan. Ito ay kinakailangan ng tao palagi. Ang Sugo (SAS) ay nagsasabi: ***"Ang pagbabalik-loob ay nagwawasak [sa kasalanan] bago nito."*** Kaya mamalagi ka rito. Kaya sa tuwing nangyari sa iyo ang isang pagkatisod ay magmadali ka sa pagbabalik-loob at pagtutuwid ng sarili.

Maging nakauunawa ka ng Relihiyon mo. Huwag kang magpakaabala sa kapakanan mo sa mundo kapalit ng kapakanan mo sa Kabilang-buhay. Bagkus maglaan ka ng oras para sa gawaing pangmundo, at ng karamihan sa oras mo para sa pag-aaral at pag-unawa sa Islam, pagbubulay-bulay, pagbabasa, pagrerepaso, pagbibigay-pansin sa Aklat ni Allah at Sunnah ng Sugo ni Allah (SAS), pagdalo sa mga pagtitipon para sa kaalaman at pagsama sa mga mabuti sapagkat ang mga bagay na ito ay ang pinakamahalaga sa pinagkakaabalahan mo at dahilan ng kaligayahan mo.

## Ang Maliit na Shirk

Mayroong isa pang uri ng Shirk. Ito ay ang Maliit na Shirk, tulad ng pagpapakitang-tao at pagpapasikat sa ilang gawain o pahaya. Ang halimbawa nito ay na magsabi ang tao ng ganito: "Ang niloob ni Allah **AT** niloob ni Polano" at ang panunumpa sa iba pa kay Allah, gaya ng panunumpa sa katapatan, sa Ka'bah, sa Propeta at sa mga kawangis niyon. Ito at ang mga kawangis nito ay kabilang sa Maliit na Shirk. Kaya kailangan ang pag-iingat laban doon.

Nagsabi ang Propeta (SAS)—noong nagsabi sa kanya ang isang lalaki: Ang niloob ni Allah AT niloob mo—: ***Ginawa mo ba ako na isang kaagaw para kay Allah? Ang niloob ni Allah lamang."*** Nagsabi pa ang Propeta (SAS): ***Huwag kayong magsabi: Ang niloob ni Allah AT niloob ni Polano. Bagkus sabihin ninyo: Ang niloob ni Allah, PAGKATAPOS AY niloob ni Polano.***

Sinabi pa niya (SAS): ***Ang sinumang manunumpa ay manumpa kay Allah o manahimik.*** Sinabi pa niya (SAS): ***Huwag kayong manumpa sa mga ama ninyo at ni sa mga ina ninyo at ni sa mga kaagaw.***[23] ***Huwag kayong manumpa kay Allah malibang kayo ay nagpapakatotoo."*** Sinabi pa niya (SAS): ***Ang sinumang nanumpa sa iba pa kay Allah ay nagtambal nga [sa Kanya].*** Ilan ito sa mga tumpak na Hadíth na nagsasaad ng tungkol sa kahulugang ito. Kabilang din doon ay ang sabi pa niya (SAS): ***Ang higit na pangangambahan na pinangangambahan ko***

---

[23] Sinuman o anuman na iba pa kay Allah.

***sa inyo ay ang Maliit na Shirk.*** Tinanong siya tungkol dito, kaya sinabi niya: ***Ang pagpapakitang-tao.***

Maaaring ang pagpapakitang-tao ay maging isang Malaking Kawalang-pananampalataya kapag pumasok ang nagtataglay nito sa Relihiyong Islam bilang pagpapakitang-tao at pagkukunwari at nagpapakita siya na kaanib ng Islam hindi dahil sa pananampalataya ni dahil sa pagmamahal. Tunay na siya sa pamamagitan nito ay nagiging isang nagkukunwaring mananampalataya na isang Káfir na may malaking kawalang-pananampalataya.

Gayon din kapag sumumpa ang isang tao sa iba pa kay Allah at dumakila sa sinumpaan tulad ng pagdakila kay Allah. O naniwala siya na nalalaman nito ang Nakalingid, o naaangkop ito na sambahin kasama ni Allah. Sa pamamagitan niyon siya ay nagiging isang Mushrik na gumagawa ng isang Malaking Shirk.

Kapag naman namutawi sa dila ang panunumpa sa iba pa kay Allah gaya ng sa Ka‘bah, sa Propeta (SAS) at sa iba pa sa mga ito nang walang kalakip na paniniwalang ito, iyon ay nagiging isang Mushrik na gumagawa ng isang Maliit na Shirk lamang.

Hinihiling ko kay Allah na pagkalooban kami at kayo ng pagkaunawa sa Relihiyon Niya at tibay rito, na tustusan kami at kayo ng katatagan dito, at na kupkupin kami at kayo laban sa mga kasamaan ng mga sarili natin, sa mga masagwa sa mga gawain natin at sa mga panliligaw ng mga tukso. Tunay na Siya ay pagkataas-taas, mapagkaloob, mapagbigay.

Pagpalain ni Allah, batiin at biyayaan ang Lingkod Niya at Sugo Niya na Propeta nating si Muhammad, at gayon din ang mag-anak niya, ang mga kasamahan niya at mga tagasunod niya ayon sa paggawa ng mabuti hanggang sa Araw ng Paggagantimpala.

## Ang Tawhíd ng mga Isinugo at ang Sumasalungat Dito na Kufr[24] at Shirk

Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Ang mabuting kahihinatnan ay para sa mga nangingilag magkasala. Ang pagpapala at ang pagbati ay ukol sa puno ng mga unang tao at mga huling tao, at ukol sa lahat ng propeta at isinugo at sa lahat ng matuwid. Sa pagsisimula:

Yamang ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at ang pananampalataya sa Kanya at sa mga sugo Niya—sumakanila ang pagpapala at ang pagbati ni Allah—ay ang pinakamahalaga sa mga kinakailangang gampanan at ang pinakamalaki sa mga tungkulin, at ang kaalaman doon ay pinakamarangal at pinakamainam sa mga kaalaman, at yamang ang pangangailangan sa orihinal na saligan ay nanawagan sa paglilinaw nang puspusan, minagaling ko na liwanagin iyon sa maikling pagtatalakay na ito dahil sa tindi ng pangangailangan doon at dahil ang dakilang paksang ito ay karapatdapat sa pagmamalasakit.

---

[24] Pagtangging sumampalataya o kawalang pananampalataya.

Hinihiling ko kay Allah na panagumpayin tayong lahat upang matumbok ang katotohanan sa salita at gawa at na kupkupin Niya tayong lahat laban sa kamalian at mga pagkatisod. Sinasabi ko, at mula kay Allah ay humahango ako ng tulong at pananagumpay:

Walang pag-aalinlangan na ang Tawhíd ay ang pinakamahalaga sa mga kinakailangang gampanan. Ito ay unang tungkulin. Ito ay una sa paanyaya ng mga sugo, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati ni Allah. Ito ang buod ng paanyayang ito, gaya ng paglilinaw roon ng Panginoon natin sa malinaw na Aklat Niya—Siya ang pinakatapat sa mga nagsasalita—kung saan ay nagsasabi Siya tungkol sa lahat ng isinugo (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang huwad na diyos."**

Nilinaw Niya na Siya ay nagpadala sa lahat ng kalipunan sa bawat kalipunan ng isang sugo na nagsasabi sa kanila: Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang **huwad na diyos**. Ito ang paanyaya ng mga sugo; bawat isa ay nagsasabi sa mga kababayan niya at kalipunan niya: Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo **ang huwad na diyos**.

Ang kahulugan nito ay maniwala kayo sa pagkaiisa ni Allah, dahil ang alitan sa pagitan ng mga sugo at mga kalipunan nila ay sa *Tawhíd al-'Ibádah*[25] (Pagkaiisa ng Pinag-uukulan ng Pagsamba) sapagkat ang mga kalipunan naman ay kumikilala na si Allah ay Panginoon nila, Tagapaglikha

[25] O Tawhíd al-Úluhiyah (Pagkaiisa ng Pagkadiyos).

nila at Tagapagtustos nila, at nakaaalam sa marami sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

Subalit ang pagtatalo at ang alitan mula noong panahon ni Noe hanggang sa panahon nating ito ay sa pagkaiisa ni Allah bilang pinag-uukulan ng pagsamba. Ang mga sugo ay nagsasabi noon sa mga tao: "Iukol ninyo nang wagas sa Kanya ang pagsamba, pakaisahin ninyo Siya sa pagsamba at talikdan ninyo ang pagsamba sa anumang iba pa sa Kanya." Ang mga kaaway naman nila at ang mga kaalitan nila ay nagsasabi: "Hindi! Bagkus ay sinasamba namin Siya at sinasamba rin namin ang iba pa sa Kanya. Hindi namin Siya itinatangi sa pagsamba."

Ito ang punto ng pagtatalo sa pagitan ng mga sugo at mga kalipunan nila. Ang mga kalipunan ay hindi nagkakaila nang lubusan sa pagsamba sa Kanya, bagkus sinasamba Siya ng mga ito. Subalit ang pagtatalo ay kung itatangi ba ang pagsamba sa Kanya o hindi itatangi? Ang mga sugo ay isinugo ni Allah upang itangi Siya sa pagsamba at pakaisahin Siya sa pagsamba at hindi ang bawat anumang iba pa sa Kanya dahil Siya ang Nagmamay-ari, ang Makapangyarihan sa lahat ng bagay, ang Palalikha, ang Palatustos sa mga nilalang, ang Maalam sa mga kalagayan nila, at iba pa.

Alang-alang dito ay inanyayahan ng mga sugo ang lahat ng kalipunan tungo sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, pag-uukol ng kawagasan sa pagsamba sa Kanya, at pagtigil sa pagsamba sa iba pa sa Kanya. Ito ang kahulugan ng sabi Niya (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang huwad na diyos."**

Nagsabi si Ibnu 'Abbás (RA) tungkol sa kahulugang ito: "Ang pagsamba ay ang paniniwala sa pagkaiisa [ni Allah]." Ganito rin ang sinabi ng lahat ng maalam sa Islam: "Tunay na ang pagsamba ay ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah," yamang ito ang ipinakakahulugan.

Ang mga kalipunang Káfir ay sumasamba kay Allah at sumasamba sa iba pa sa Kanya kasama Niya, gaya ng sinabi ni Allah (43:26-27): ***Banggitin*** **noong nagsabi si Abraham sa ama niya at mga kalipi niya: "Ako ay nagtatatwa sa anumang sinasamba ninyo, maliban sa lumalang sa akin sapagkat tunay na Siya ay magpapatnubay sa akin.** Samakatuwid itinatwa si Abraham ang lahat ng sinasamba nila bukod pa sa Tagapaglalang niya o Tagapaglikha niya. Nalaman ni Abraham na sila ay sumasamba kay Allah at sumasamba rin sa iba pa sa Kanya kasama sa Kanya."

Dahil dito ay nagtatwa si Abraham sa lahat ng mga sinasamba nila bukod pa sa Tagapaglikha niya at Tagapaglalang niya na si Allah—kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya. Ganito rin ang sabi ni Allah na namutawi sa bibig ni Abraham, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati ni Allah (19:48): **Lalayuan ko kayo at ang anumang dinadalanginan ninyo bukod pa kay Allah. Dadalangin ako sa Panginoon ko,** Alam ni Abraham na sila ay sumasamba kay Allah at sumasamba rin sa iba pa sa Kanya kasama Niya.

Ang mga talata ng Qur'an kaugnay sa kahulugang ito ay marami. Kaya nalaman natin sa pamamagitan niyon na ang nilalayon mula sa paanyaya ng mga sugo ay ang pagtatangi kay Allah sa pagsamba at ang pagbubukod-tangi sa Kanya

roon: hindi dadalangin kundi sa Kanya—kamahal-mahalan Siya at kataas-taasan Siya, hindi magpapasaklolo kundi sa Kanya,[26] hindi mamamanata kundi sa Kanya, hindi mag-aalay ng hayop kundi sa Kanya, hindi magdadasal kung hindi sa Kanya, at iba pang mga pagsambang tulad nito.

Ito ay sapagkat Siya ang karapat-dapat sa mga iyon higit sa bawat anumang iba pa sa Kanya. Ito ang kahulugan ng *Lá Iláha Illalláh*, yamang tunay na ang kahulugan nito ay: walang totoong sinasamba kundi si Allah. Ito ang kahulugan niyon ayon sa mga may kaalaman.

Ang mga sinasamba ay marami at ang mga Mushrik magmula sa matandang panahon, mula sa panahon ni Noe, ay sumasamba na sa mga diyos[27] bukod pa kay Allah.[28] Ang ilan sa mga ito ay sina Wadd, Suwá‘, Yaghúth, Ya‘úq, Nasr at iba pa. Gayon din ang mga Arabe noon, mayroon silang maraming diyos. Gayon din ang mga Persiano noon, ang

---

[26] Ang saklolong hindi maaaring hingin sa iba ay ang saklolong tanging si Allah lamang ang makapagbibigay. Ang mga saklolong maibibigay ng isang nilalang ay maaaring hingin, gaya halimbawa ng paghingi ng isang nalulunod ng saklolo sa *lifeguard*.

[27] Ang salitang diyos sa wikang Arabe ay nangangahulugang ang anumang sinasamba. Ang Tagapagsalin.

[28] Ang katagang diyos na ginagamit natin dito ay ang pagkakasalin natin sa salitang Arabe na *iláh*. Ang iláh sa literal na kahulugan ay ang anuman o ang sinuman na sinasamba o ang pinag-uukulan ng pagsamba. Samakatuwid ang anuman o ang sinuman ay maaaring maging diyos ng sinumang sasamba roon. Ang paninindigan ng Islam ay monoteistiko: iisa lamang ang totoong Diyos, at ang iba pang mga diyos na kinikilala ng iba ay pawang huwad na mga diyos. Ang Tagapagsalin.

mga Romano at ang iba pa, lahat sila ay may mga diyos na sinasamba nila kasama kay Allah.[29]

Kaya napag-alaman sa pamamagitan niyon na ang nilalayon sa pagsasabi na walang Diyos kundi si Allah, na siyang nilalayon ng paanyaya ng mga sugo, ay na pakaisahin si Allah at itatangi Siya sa pagsamba at hindi ang bawat anumang iba pa sa Kanya. Dahil dito, sinasabi Niya sa malinaw na Aklat Niya (22:62): **Iyon ay dahil si Allah ay ang Katotohanan, at na ang anumang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang kabulaanan,**

Kaya lumiwanag sa pamamagitan niyon na ang nilalayon ay ang pagtatangi sa Kanya sa pagsamba at hindi sa bawat anumang iba pa sa Kanya. Siya ang sinasambang totoo at na ang anumang sinasamba bukod pa sa Kanya ay sinasambang huwad. Sinabi Niya (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang huwad na diyos."** Ibig sabihin: Maniwala kayo sa pagkaiisa ni Allah, iwaksi ninyo ang huwad na diyos: iwan ninyo ang pagsamba sa huwad na diyos at layuan ninyo ito.

Ang tághút (huwad na diyos) ay ang bawat sinasamba bukod pa kay Allah, na gaya ng tao, jinni, at iba pang mga bagay-bagay, malibang nasusuklam ito sa pagsambang iyon at hindi nalulugod. Ang ibig sabihin ay na ang tághút (huwad na diyos) ay ang lahat ng sinasamba bukod pa kay Allah na

[29] Sa wikang Arabe, ang pangalang Allah ay ang pangalang ipinantawag sa tunay na Diyos na lumikha sa lahat. Walang duda na sa kabila ng pagsamba ng mga taong ito sa iba't-ibang diyos ay may kinikilala sila na Panginoong lumikha sa lahat.

mga bagay-bagay at mga hindi bagay-bagay na nalulugod sa pagsambang iyon. Tungkol naman sa hindi nalulugod sa pagsambang iyon gaya ng mga anghel, mga propeta at mga matutuwid, ang tághút ay ang Demonyo na nag-anyaya sa pagsamba sa kanila at gumawang kaaya-aya iyon para sa mga tao.

Samakatuwid ang mga sugo, ang mga propeta, ang mga anghel at lahat ng matuwid na hindi nalulugod kailanman na sambahin bukod pa kay Allah, bagkus ay minamasama at kinakalaban iyon, ay hindi tághút. Ang tághút lamang ay ang bawat sinasamba bukod pa kay Allah, na nalulugod [sa pagsambang] iyon, gaya ng Paraon, ni Satanas at mga kawangis nila na nag-aanyaya ng gayon o nalulugod doon. Gayon din ang mga bagay-bagay na gaya ng mga punong-kahoy, mga bato, mga imahen na sinasamba bukod pa kay Allah. Lahat ng ito ay tinatawag na tághút dahil sa pagsamba sa mga ito bukod pa kay Allah.

Kaugnay sa pakahulugang ito ay nagsasabi si Allah (21:25): **Hindi Kami nagsugo noong wala ka pa ng anumang sugo malibang nagsisiwalat Kami sa kanya na walang Diyos kundi Ako kaya sambahin ninyo Ako.** Ang talata na ito ay tulad ng naunang talata. Nililinaw rito ni Allah na ang paanyaya ng lahat ng sugo ay ang paanyaya sa Tawhíd at sa pag-uukol ng kawagasan sa pagsamba kay Allah lamang at hindi sa bawat anumang iba pa sa Kanya. Kung sakaling ang pagsasabi na walang Diyos kundi si Allah ay makasasapat na kaalinsabay ng pagwawalang-bahala sa pagtatangi kay Allah sa pagsamba at pananam-

palataya na Siya ang karapat-dapat doon, hindi magpipigil ang mga tao laban doon [sa pagsamba sa tághút].

Gayunpaman nalaman na ng mga Mushrik na ang pagsabi na walang Diyos kundi si Allah ay nagpapawalang-saysay sa mga diyos nila at na ang pagsasabi nito ay nagpapahiwatig na si Allah ang totoong sinasamba at ang natatangi roon. Dahil dito, minasama nila ito, kinalaban nila ito at nagmalaki sila sa pagtangging tugunin ito.

Kaya lumiwanag na sa pamamagitan nito na ang ipinapakahulugan niyon ay ang pagtatangi kay Allah sa pagsamba at ang pagbubukod-tangi sa Kanya roon laban sa lahat ng sinasamba bukod pa sa Kanya, na gaya ng mga propeta, o mga anghel, o mga matuwid na tao, o mga jinní o anupaman. Ito ay dahil sa si Allah ay ang Nagmamay-ari, ang Palatustos, ang Makapangyarihan, ang Nagbibigay-buhay, ang Bumabawi ng buhay, ang Tagapaglikha sa bawat bagay, at ang Nangangsiwa sa mga kapakanan ng mga nilalang. Kaya naman Siya ang karapat-dapat na sambahin.

Siya ang Maalam sa mga kalagayan nila. Kaya dahil doon, isinugo Niya ang mga sugo para anyayahan ang mga nilikha sa paniniwala sa pagkaiisa Niya at pag-uukol ng kawagasan sa Kanya, at para ihayag ang mga pangalan Niya at ang mga katangian Niya. Siya ang karapat-dapat na sambahin at dakilain dahil sa kalubusan ng kaalaman Niya, dahil sa kalubusan ng kapangyarihan Niya, dahil sa kalubusan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya, at dahil sa Siya ang nagdudulot ng pakinabang at ang nagdudulot ng pinsala, ang nakaaalam sa mga kalagayan ng mga lingkod Niya, ang Nakaririnig sa dalangin nila, at ang Tagapagtiyak

sa mga ikabubuti nila. Kaya naman Siya ang karapat-dapat na sambahin at hindi ang iba pa sa Kanya.

Nagbalita Siya tungkol kina Noe, Húd, Sálih at Shu‘ayb, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati, na sila ay nagsabi sa mga tao nila (11:50): **sambahin ninyo si Allah; wala na kayong anumang diyos na iba pa sa Kanya.** Ito naman ay katugon ng sinabi Niya (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, *na nagsasabi*: "Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang huwad na diyos."**

Tinugon ng mga tao ni Húd ang propeta nila, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati ni Allah, sa pamamagitan ng sabi nila (7:70): **Dumating ka ba sa Amin upang sambahin namin si Allah lamang at iwan namin ang sinasamba noon ng mga ninuno namin? Kaya dalhin mo nga sa amin ang ibinabanta mo sa amin kung ikaw ay kabilang sa mga nagtototoo.**

Alam na nila ang kahulugan at nabatid iyon: na ang paanyaya ni Húd, ang pagpapala at ang pagbati ay sumakanya, ay humihiling ng pag-uukol ng kawagasan sa pagsamba kay Allah lamang, at ang pag-alis sa mga diyus-diyusan na sinasamba bukod pa sa Kanya. Dahil dito ay nagsabi sila (7:70): **Dumating ka ba sa Amin upang sambahin namin si Allah na mag-isa Siya at iwan namin ang sinasamba noon ng mga ninuno namin? Kaya dalhin mo nga sa amin ang ibinabanta mo sa amin kung ikaw ay kabilang sa mga nagtototoo.** Kaya nagpatuloy sila sa pagmamatigas at pagpapasinungaling hanggang sa pinababa

sa kanila ang pagdurusa. Hinihiling natin kay Allah ang kaligtasan.

Si Allah ay nagbaba ng mga Kasulatan at nagsugo ng mga sugo upang sambahin Siya lamang nang walang katambal sa Kanya at upang linawin ang karapatan Niya sa mga lingkod Niya at banggitin sa mga lingkod ang anumang itinaguri sa Kanya na kabilang sa mga magandang pangalan Niya at mga mataas na katangian Niya upang makilala nila Siya sa pamamagitan ng mga pangalan Niya, mga katangian Niya, kadakilaan ng kagandahang-loob Niya, kalubusan ng kapangyarihan Niya at pagkamasaklaw ng kaalaman Niya. Iyon ay walang iba kundi dahil ang Tawhíd ar-Rubúbíyah (Paniniwala sa pagkaiisa sa Pagkapanginoon) ang saligan at batayan ng Tawhíd al-Iláhíyah wa al-‘Ibádah (Paniniwala sa pagkaiisa sa Pagkadiyos at Pagsamba).

Dahil dito ay isinugo ang mga sugo, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati, at ibinaba ang mga makalangit na kasulatan mula kay Allah upang linawin ang mga katangian Niya at ang mga pangalan Niya, ang kadakilaan ng kagandahang-loob Niya, at linawin ang pagiging karapat-dapat Niya na dakilain, panalanginan at hilingan nang sa gayon ay mapasailalim ang mga kalipunan sa pagsamba sa Kanya at pagtalima sa Kanya, nang sa gayon ay magbalik-loob sila sa Kanya, at nang sa gayon ay sambahin nila Siya at hindi ang lahat ng iba pa sa Kanya.

Ito ay matatagpuan nang maraming ulit sa Aklat ni Allah. Nabanggit na ni Allah iyon mula sa marami sa mga sugo Niya, sumakanila ang pagbati. Sinabi Niya (14:10): **Sinabi ng mga sugo nila: “Kay Allah ba ay may pagdududa pa,**

**ang Lumalang ng mga langit at lupa?** Sinabi pa Niya (10:71-72): **Bigkasin mo sa kanila ang balita kay Noe, noong nagsabi siya sa mga tao niya: "O mga tao ko, kung bumigat sa inyo ang pananatili ko at ang pagpapaalaala ko sa mga tanda ni Allah ay kay Allah naman ako nanalig. Kaya pagpasyahan ninyo ang balak ninyo kasama ng mga itinatambal ninyo *kay Allah*. Pagkatapos ang balak ninyo ay huwag sa inyo maging malabo. Pagkatapos ay ipatupad ninyo ito sa akin at huwag kayong magpalugit sa akin. Kaya kung tatalikod kayo *sa paalaala* ay hindi naman ako humingi sa inyo ng anumang kabayaran. Walang kabayaran sa akin kundi nasa kay Allah. Inutusan ako na ako ay maging kabilang sa mga Muslim.[30]"**

Samakatuwid, nilinaw ng Sugo (SAS) na siya ay umaasa at nagtitiwala kay Allah. Hindi niya inaalintana ang pagbabanta nila at ang pananakot nila. Kailangan niyang iparating ang mga mensahe ni Allah, at naiparating nga niya. Ipinakilala niya ang kapangyarihan at ang kadakilaan ng Panginoon niya. Ang Panginoon niya ang Nakasasaklaw sa lahat, ang Makapangyarihan sa pagliligtas at paglipol sa mga kaaway Niya. Siya rin ang Makapangyarihan sa pangangalaga sa mga sugo Niya at mga propeta Niya, sa pagpupuspos sa kanila ng pag-iingat Niya, at sa pagtulong sa kanila sa pagpapatupad sa inahatid nila na patnubay.

Nagbaba Siya tungkol dito ng isang Kabanata ng Qur'an na pumapatungkol kay Noe (AS) kung saan sinabi Niya

[30] *O* nagpapasakop *kay Allah*.

(71:1-14): **Tunay na Kami ay nagsugo kay Noe sa lipi niya,** ***na nagsasabi*****: "Magbabala ka sa kalipi mo bago sila datnan ng isang masakit na pagdurusa." Nagsabi siya: "O lipi ko, tunay na ako para sa inyo ay isang tagapagbabala na naglilinaw: na sambahin ninyo si Allah, mangilag kayong magkasala sa Kanya at tumalima kayo sa akin; magpapatawad Siya sa inyo sa mga pagkakasala ninyo at aantalain Niya kayo hanggang sa isang itinakdang taning. Tunay na ang taning ni Allah, kapag dumating, ay hindi aantalain, kung nalalaman sana ninyo." Nagsabi siya: "Panginoon ko, tunay na ako ay nag-anyaya sa lipi ko gabi't araw, ngunit walang naidagdag sa kanila ang pag-aanyaya ko kundi pagtakas** ***sa pananampalataya*****. Tunay na ako sa tuwing nag-anyaya sa kanila upang magpatawad Ka sa kanila ay inilalagay nila ang mga daliri nila sa mga tainga nila, nagtatalukbong sila ng mga damit nila, nagpupumilit sila at nagmamalaki nang isang** ***matinding*** **pagmamalaki. Pagkatapos tunay na ako ay nag-anyaya sa kanila nang hayagan. Pagkatapos tunay na ako ay nakipaghayagan sa kanila at nakipagsarilinan sa kanila nang sarilinan at sinabi ko: 'Humingi kayo ng tawad sa Panginoon ninyo; tunay na Siya ay laging Palapatawad. Ipadadala Niya ang** ***ulan mula sa*** **langit sa inyo na nananagana; Magpaparami Siya sa inyo ng mga yaman at mga anak at gagawa Siya para sa inyo ng mga hardin at gagawa Siya para sa inyo ng mga ilog. Ano ang nangyayari sa inyo, hindi kayo natatakot kay Allah nang may pagpipitagan, samantalang nilikha nga Niya kayo sa mga antas?**

Niliwanag ni Allah ayon sa namutawi sa bibig ng propeta Niya na si Noe (AS) ang ilan sa mga katangian Niya, na Siya ang tumutulong sa kanila sa pamamagitan ng ipinantutulong Niya sa kanila na mga panustos, maraming kabutihan, mga malaking biyaya, at na Siya ang karapat-dapat na sambahin, talimain at dakilain.

Nagsabi naman Siya tungkol kay Húd (AS) at tungkol sa mga tao nito (26:123-135): **Pinasinungalingan *ng mga kalipi* ni 'Ad ang mga isinugo, noong nagsabi sa kanila ang kapatid nila na si Húd: "Hindi ba kayo mangingilag magkasala? Tunay na ako para sa inyo ay sugong mapagkakatiwalaan. Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah at tumalima kayo sa akin. Hindi ako humihingi sa inyo ng anumang kabayaran; walang kabayaran sa akin maliban sa mula sa Panginoon ng mga Nilalang. Nagpapatayo ba kayo sa bawat mataas na pook ng isang palatandaan na pinaglilibangan ninyo, at gumagawa kayo ng mga gusali nang harinawa kayo ay magsipanatili? Kapag humagupit kayo, humahagupit kayo gaya ng mga maniniil, kaya mangilag kayong magkasala kay Allah at tumalima kayo sa akin. Mangilag kayong magkasala sa Kanya na nagkaloob sa inyo ng nalalaman ninyo, nagkaloob sa inyo ng mga hayupan at mga anak, at mga hardin at mga bukal. Tunay na ako ay nangangamba para sa inyo sa pagdurusa sa isang dakilang araw.**

Niliwanag ni Allah sa namutawi sa dila ng propeta Niya na si Húd, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati ni Allah, ang marami sa mga biyaya na ibiniyaya Niya sa kanila, at

na Siya ang Panginoon ng lahat, at na ang isinasatungkulin sa kanila ay ang pagpapasakop sa Kanya at pagtalima sa Sugo Niya at paniniwala sa Kanya. Subalit sila ay tumanggi at nagmalaki, kaya bumaba sa Kanila ang parusa ni Allah mula sa masamang hangin.

Nagsabi naman Siya tungkol kay Sálih, sumakanya ang pagbati (26:141-152): **Pinasinungalingan *ng mga kalipi* ni Thamúd ang mga isinugo, noong nagsabi sa kanila ang kapatid nila na si Sálih: "Hindi ba kayo mangingilag magkasala? Tunay na ako para sa inyo ay sugong mapagkakatiwalaan. Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah at tumalima kayo sa akin. Hindi ako humihingi sa inyo ng anumang kabayaran; walang kabayaran sa akin maliban sa mula sa Panginoon ng mga Nilalang. Maiiwan ba kayo sa anumang narito, na mga natitiwasay *laban sa kamatayan*, sa mga hardin at mga bukal, at mga pananim at mga punong datiles na ang bunga ng mga ito ay malambot? Umuukit kayo mula sa mga bundok ng mga bahay, nang may kabihasaan. Kaya mangilag kayong magkasala kay Allah at tumalima kayo sa akin. Huwag kayong tumalima sa utos ng mga nagmamalabis, na nananampalasan sa lupa at hindi nagsasaayos.**

Samakatuwid, nilinaw ni Sálih, sumakanya ang biyaya at ang pagpapala, ang bagay na pumapatungkol kay Allah, na Siya ang Panginoon ng mga nilalang, na Siya ay nagbigay sa kanila ng naibigay ng mga biyaya. Kaya ang isinasatungkulin sa kanila ay ang pagbabalik sa Kanya at ang paniniwala sa sugo Niya na si Sálih, ang pagtalima rito sa inihatid

nito, at na hindi nila tatalimain ang mga nagmamalabis na mga nananampalasan sa lupa. Subalit sila ay hindi pumansin sa payong ito at hindi pumansin sa tagubilin niya. Bagkus ay nagpatuloy sila sa pagmamatigasan nila, pagkaligaw nila, at pagtanggi nilang sumampalataya hanggang sa nilipol sila ni Allah sa pamamagitan ng hiyaw at lindol. Hinihingi natin kay Allah ang kaligtasan.

Bumanggit din si Allah ng tungkol sa matalik na kaibigan Niya na si Abraham, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati, ng ilan sa mga katangian Niya. Binanggit ni Abraham ang mga ito sa mga tao nito upang magbalik-loob sila kay Allah, upang sambahin nila Siya at upang dakilain nila Siya. Nagsabi si Allah (26:69-73): **Bigkasin mo sa kanila ang kasaysayan ni Abraham, noong nagsabi ito sa ama nito at mga kalipi nito: "Ano ang sinasamba ninyo?" Nagsabi sila: "Sumasamba kami sa mga imahen, at nagpapatuloy kami na mga namamalagi *sa pagsamba* sa mga ito." Nagsabi ito: "Naririnig ba nila kayo kapag nananalangin kayo? O nakapagdudulot ba sila ng kapakinabangan sa inyo o nakapipinsala ba sila?"**

Nararapat na huminto muna rito. Si Allah, sa pamamagitan nito, ay naglilinaw sa kanila na ang mga imahen na ito ay hindi naaangkop sa pagsamba dahil ang mga ito ay hindi nakaririnig at hindi tumutugon sa isang dumadalangin, at hindi nagdudulot ng pakinabang at hindi nakapipinsala dahil sa mga ito ay mga bagay na walang pandama sa pangangailangan ng mga dumadalangin, sa kahilingan nila at sa mga kakailanganin nila. Kaya papaanong dindalanginan pa ang iba pa kay Allah? Dahil dito ay nagsabi Siya

(26:72-73): **Nagsabi ito: “Naririnig ba nila kayo kapag nananalangin kayo? O nakapagdudulot ba sila ng kapakinabangan sa inyo o nakapipinsala ba sila?”**

Ano ang isinagot nila? Nalito sila at nalihis sa pagsagot dahil sila ay nakaaalam na ang mga diyos na ito ay walang maidudulot na pakinabang ni pinsala. Hindi nakaririnig ng panalangin ng mga nananalangin at hindi rin tumutugon doon. Kaya dahil dito ay nagsabi sila (26:74): **Nagsabi sila: “Bagkus nasumpungan namin ang mga magulang namin na gayon na ang ginagawa nila.”**

Hindi nila sinabi na ang mga diyos na ito ay nakaririnig o nakapagdudulot ng pakinabang o nakapipinsala. Bagkus nalihis sila sa pagsagot at nagbigay ng isang kasagutan na nagpapakita ng pagkalito at pagdududa, bagkus pag-amin na ang mga diyos na ito ay hindi naaangkop pag-ukulan ng pagsamba yamang sinabi nila (26:74): **Nagsabi sila: “Bagkus nasumpungan namin ang mga magulang namin na gayon na ang ginagawa nila.”** Ibig sabihin: tumahak kami sa daan nila at landas nila nang walang pagsasaalang-alang sa nasabi mo sa amin.

Ito ang kahulugan ng sabi ni Allah sa ibang talata ng Qur’an (43:23): **“Tunay na kami ay nakasumpong sa mga magulang namin sa isang relihiyon, at tunay na kami sa mga bakas nila ay mga tumutulad.”** Ito ang isinumpang daan nila na tinatahak nila, ipinangangatwiran nila at nilalakbay nila. Hinihiling natin kay Allah ang kaligtasan.

Pagkatapos ay sinabi sa kanila ni Abraham (26:75-77): **Nagsabi siya: “Kaya napagmasdan ba ninyo ang dati nang sinasamba ninyo: Kayo at ang mga sinaunang**

**ninuno ninyo? At tunay na sila ay kaaway para sa akin, maliban sa Panginoon ng mga nilalang,**

Ang ibig niyang sabihin doon ay ang mga sinasamba nila na mga imahen, at dahil dito ay sinabi niya (26:77): **At tunay na sila ay kaaway para sa akin, maliban sa Panginoon ng mga nilalang.** Kaya ang sabi Niya na **maliban sa Panginoon ng mga nilalang** ay nagpapakita na nalalaman niya noon na sila ay sumasamba kay Allah at sumasamba rin sa iba pa kasama ni Allah. Dahil dito ay binukod niya ang Panginoon niya at sinabing **maliban sa Panginoon ng mga nilalang** gaya ng nasa ibang talata (43:27): **maliban sa lumalang sa akin**. Samakatuwid, napag-alaman sa pamamagitan niyon na ang mga Mushrik ay sumasamba kay Allah at sumasamba sa iba pa sa Kanya kasama sa Kanya. Subalit ang pagtatalo sa pagitan nila at ng mga sugo ay kaugnay sa pagtatangi kay Allah sa pagsamba at pagbubukod-tangi roon sa Kanya bukod sa lahat ng iba pa sa Kanya.

Pagkatapos niyon ay nagsabi si Abraham kaugnay sa paglilinaw sa mga katangian ng Panginoon (26:78-81): **na lumikha sa akin at Siya ay nagpapatnubay sa akin; na Siya ay nagpapakain sa akin at nagpapainom sa akin, at kapag nagkasakit ako, Siya ay nagpapagaling sa akin; na babawi sa buhay ko, pagkatapos ay bubuhay sa akin;** Ito ay mga gawain ng Panginoon: nagpapagaling Siya sa mga maysakit; bumabawi Siya ng buhay at bumubuhay Siya; nagpapakain Siya at nagpapainom Siya; nagpapatnubay Siya sa kaninumang loloobin Niya. Siya ang Palalikha,

ang Makapangyarihan sa pagpapatawad sa mga pagkakasala at pagtatakip sa mga kapintasan.

Dahil dito ay naging karapat-dapat Siya sa pagsamba ng mga lingkod Niya at naging walang saysay ang pagsamba sa lahat ng iba pa sa Kanya sapagkat sila ay hindi lumilikha, hindi nagtutustos, hindi nagdudulot ng pakinabang, hindi nakapipinsala, hindi nakaaalam sa mga nakalingid, at hindi nakakakaya na magkaloob ng anumang pakinabang o pinsala sa dumadalangin sa kanila, gaya ng sinabi Niya (35:13-14): **Iyon ay si Allah, ang Panginoon ninyo. Ukol sa Kanya ang paghahari, samantalang ang mga dinadalanginan ninyo bukod pa sa Kanya ay hindi nagmamay-ari ng kahit isang lamad[31] ng buto ng datiles. Kung dadalanginan ninyo sila ay hindi sila makaririnig sa panalangin ninyo, at kung sakaling nakarinig sila ay hindi sila tutugon sa inyo. Sa Araw ng Pagbangon ay itatanggi nila ang pagtatambal ninyo *sa kanila kay Allah*.**

Nilinaw ni Abraham ang kawalang-kakayahan nila at nilinaw niya na ang pagdalangin nila sa iba pa kay Allah ay pagtatambal (shirk) kay Allah. Dahil dito ay nagsabi siya (35:14): **Sa araw na Pagbangon ay itatanggi nila ang pagtatambal ninyo *sa kanila kay Allah*.** Nilinaw ni Allah ang kawalang-kakayahan ng lahat ng diyos na ito at nilinaw din Niya na sila ay nakapagtambal nga kay Allah dahil sa pagdalanging ito.

Dito naman ay sinabi Niya (26:82): **na pinagmimithian ko na magpatawad sa akin sa mga kamalian ko sa Araw**

[31] Manipis na balot.

**ng Paggantimpala.** Ibig sabihin: Minimithi ko na Siya, kaluwalhatian sa Kanya, ay magpapatawad sa akin sa mga kamalian ko sa Araw ng Paggantimpala yamang Siya ay nagdudulot ng pakinabang sa mundo at nagliligtas sa Kabilang-buhay, samantalang ang mga imahen na ito ay hindi nagdudulot ng pakinabang sa mundo ni sa Kabilang-buhay bagkus ay nakapipinsala.

Dahil dito ay nagsabi Siya tungkol sa sinabi ng matalik na kaibigan Niya na si Abraham (26:82-85): **na pinagmimithian ko na magpatawad Siya sa akin sa mga kamalian ko sa Araw ng Paggantimpala. Panginoon ko, magkaloob Ka para sa akin ng karunungan at isama Mo ako sa mga matuwid. Gumawa Ka para sa akin ng isang pagtukoy na marangal sa panig ng mga huling *salinlahi*. Gawin Mo ako na kabilang sa mga tagapagmana ng Hardin ng Lugod.**

Lahat ng ito ay nagpapahiwatig sa pananampalataya sa Kabilang-buhay, sa pag-aanyaya roon, at sa pagtatawag-pansin sa mga nilalang na mayroong Kabilang-buhay na kailangang kahahantungan at mayroong pagganti at pagtutuos. Dahil dito ay nagsabi Siya pagkatapos nito (26:85-86): **Gawin Mo ako na kabilang sa mga tagapagmana ng Hardin ng Lugod. Magpatawad Ka sa ama ko; tunay na siya noon ay kabilang sa mga naliligaw.**

Dumalangin si Abraham ng kapatawaran para sa ama niya bago niya nalaman ang kalagayan nito. Ngunit noong nalaman niya ang kalagayan nito ay itinatwa niya ito, gaya ng sinabi Niya (29:16-17): ***Banggitin* si Abraham noong nagsabi siya sa mga kalipi niya: “Sambahin ninyo si**

**Allah at mangilag kayong magkasala sa Kanya; iyan ay higit na mabuti para sa inyo kung inyong nalalaman. Sumasamba kayo bukod pa kay Allah sa mga idolo lamang, at lumilikha kayo ng kabulaanan. Ang mga sinasamba ninyo bukod pa kay Allah ay hindi nakakakaya na magdulot sa inyo ng panustos. Kaya hangarin ninyo kay Allah ang panustos, sambahin ninyo Siya at pasalamatan ninyo Siya. Sa Kanya kayo magbabalik.**

Nilinaw ni Abraham (AS) na ang pagsamba ay tungkulin kay Allah, na Siya ay kinakailangang pangilagang pagkasalaan at kinakailangang sambahin, na ang ginawa nila ay kabulaanan na walang batayan, na ang mga sinasamba nila ay hindi nagmamay-ari magpakailanman ng maidudulot sa kanila na panustos. Hindi rin makapagdudulot ng pakinabang ang mga ito sa kanila at hindi makapipinsala sa kanila dahil ang mga ito nga ay hindi nagmamay-ari ng maidu-dulot sa kanila na panustos, bagkus ay si Allah ang Palatustos. Dahil dito ay nagsabi Siya (29:17): **pasalamatan ninyo Siya. Sa Kanya kayo magbabalik**.

Samakatuwid, ang balikan ay si Allah, ang nagmamay-ari sa bawat bagay, ang Makapangyarihan sa bawat bagay, ang karapat-dapat na pasalamatan dahil sa kalubusan ng pagbibiyaya Niya at pagmamagandang-loob Niya. Siya ang hinihilingan ng panustos. Dahil dito ay nagsabi Siya sa ibang mga talata ng Qur'an (51:58): **Tunay na si Allah ay ang Palatustos, ang May matatag na lakas.** Sinabi pa Niya (11:6): **Walang anumang gumagalaw sa lupa malibang nasa kay Allah ang panustos nito. Nalalaman**

**Niya ang tirahan nito at ang pinaglalagakan dito. Ang lahat ay nasa aklat na malinaw.**

Ang mga talata na nagpapatunay na si Allah ay nag-utos sa mga sugo na bumaling sa Kanya ang mga lingkod at nagpapakilala sa kanila sa Tagapaglikha nila, Tagapagtustos nila at Diyos nila ay lubhang marami ang matatagpuan sa Aklat ni Allah. Ang sinumang magmumuni-muni sa Qur'an ay matatagpuan iyon nang maliwanag at malinaw. Ang mga sugo ay ang pinakamalinaw sa mga tao sa pagpapahayag, ang higit na nakakikilala kay Allah sa mga tao, at ang pinakalubos sa kanila sa sigla sa pag-aanyaya tungo sa Kanya, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati. Walang sinuman ang higit na matiisin kaysa sa kanila sa pag-anyaya tungo kay Allah at higit na nakaaalam kaysa sa kanila. Walang higit na maibigin sa pagpapatnubay ng mga kalipunan kaysa sa kanila, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati.

Dahil dito, ipinarating nila ang mga mensahe ni Allah nang pinakalubos at pinakaganap na pagpaparating. Nilinaw nila sa mga tao ang mga katangian ng Tagapaglikha na sinasamba, at ang mga pangalan at mga katangian Niya at mga gawain Niya. Dinetalye nila ang mga ito upang malaman ng mga lingkod ang Panginoon nila, nang sa gayon ay makilala nila Siya sa pamamagitan ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya at kadakilaan ng karapatan Niya sa mga lingkod Niya, at upang magbalik-loob sila sa Kanya ayon sa kabatiran at kaalaman.

Kabilang dito ang binanggit ni Allah mula kay Moises (AS) kung saan nagsabi Siya (26:10-16): ***Banggitin*** **noong tinawag ng Panginoon mo si Moises,** ***na nagsasabi*****: "Pun-**

**tahan mo ang mga taong lumabag sa katarungan: ang mga tao ng Paraon. Hindi ba sila mangingilag magkasala?" Nagsabi ito: "Panginoon ko, tunay na ako ay nangangamba na pasinungalingan nila ako. Maninikip ang dibdib ko at hindi gagalaw ang dila ko, kaya ipasugo Mo si Aaron. Sa kanila ay mayroon akong isang pagkakasala, kaya nangangamba ako na patayin nila ako." Nagsabi Siya: "Aba'y hindi. Kaya pumunta kayong dalawa dala ang mga tanda Namin. Tunay na Kami, kasama ninyo, ay makikinig. Kaya puntahan ninyong dalawa ang Paraon at sabihin ninyong dalawa: Tunay na kami ay sugo ng Panginoon ng mga nilalang;**

Inutusan siya ni Allah na linawin kay Paraon na siya ay sugo ng Panginoon ng mga nilalang, nang harinawa ito ay makapag-alaala at magbalik-loob sa katotohanan. Subalit hindi ito nag-alaala, bagkus ay inayawan iyon at nagsabi pa (26:18-28): **Nagsabi iyon: "Hindi ka ba namin inalagaan sa piling namin noong bata pa at nanatili ka sa piling namin nang ilang taon mula sa buhay mo? Ginawa mo ang kagagawan mo na ginawa mo samantalang ikaw ay kabilang sa mga tumatangging tumanaw ng utang na loob." Nagsabi siya: "Ginawa ko iyon noong habang ako ay kabilang sa mga naliligaw. Kaya tumakas ako mula sa inyo noong pinangambahan ko kayo. Pagkadaka ay pinagkalooban ako ng Panginoon ko ng karunungan at ginawa Niya ako na kabilang sa mga isinugo. Iyan *ba* ay isang biyaya na ipinanunumbat mo sa akin: na inalipin mo ang mga anak ni Israel?" Nagsabi ang Paraon: "At ano ang Panginoon ng mga nilalang?"**

**Nagsabi siya: "Ang Panginoon ng mga Langit at Lupa at ng anumang nasa pagitan ng mga ito, kung kayo ay nakatitiyak." Nagsabi iyon sa nakapaligid doon: "Hindi ba kayo nakikinig?" Nagsabi siya: "Ang Panginoon ninyo at ang Panginoon ng mga sinaunang ninuno ninyo." Nagsabi iyon: "Tunay na ang sugo ninyo na isinugo sa inyo ay talagang baliw." Nagsabi siya: "Ang Panginoon ng silangan at kanluran at anumang nasa pagitan ng dalawang ito, kung kayo ay nakauunawa."**

Kaya tingnan ninyo kung papaanong nililinaw ni Moises (AS) sa Paraon ang mga katangian ng Panginoon, na Siya ang Panginoon ng mga nilalang, ang Panginoon ng mga langit at ang Panginoon ng lupa at anumang nasa pagitan ng mga ito, ang Panginoon ng lahat ng nilikha at ang Panginoon ng silangan at kanluran, nang sa gayon ay malaman ng kaaway ni Allah ang mga katangiang ito nang harinawa iyon ay magbalik sa katotohanan at tama. Subalit nauna na sa kaalaman ni Allah na iyon ay magpapatuloy sa paniniil at pagkaligaw niyon at mamatay iyon sa kawalang-pananampalataya at pagmamatigas niyon. Hinihiling natin kay Allah ang kaligtasan.

Nilinaw ni Allah—kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya—kina Aaron at Moises na Siya ay kasama nilang dalawa, na nakaririnig at nakakikita, na Siya ay tagapangalaga nilang dalawa, tagapag-adya nilang dalawa at tagapag-ayuda nilang dalawa. Kaya dahil dito ay naglakas-loob silang dalawa sa pag-anyaya sa maniniil, mapagmatigas, mapagmalaki at arogante na ito, na nagsabi (79:24): **"Ako ay ang panginoon ninyong pinakamataas."** Iningatan at

ipinagsanggalang Niya silang dalawa laban sa kasamaan at pakana nito.

Walang duda na ang lahat ng ito ay bahagi ng pangangalaga at pagmamalasakit ni Allah sa mga sugo Niya at mga propeta Niya, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati, laban sa isang lalaking mapagmalaking mapaniil, isang isinumpang hari na nag-aangking siya raw ay Panginoon ng mga nilalang. Sa kabila nito, naglakas-loob sina Moises at Aaron sa pag-anyaya sa kanya, sa paglilinaw sa karapatan ni Allah sa kanya, at pagpapabatid na ang isinasatungkulin sa kanya ay magbalik-loob siya kay Allah.

Subalit umayaw siya at nagmalaki. Pagkatapos ay ipinanawagan niya ang panawagan niya na tipunin ang mga manggagaway at ang panggagaway at iba pa hanggang sa pinawalang-saysay ni Allah ang pakana niya at ipinakita ang kawalang-kakayahan niya. Iniadya ni Allah sina Moises at Aaron, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati, laban sa kanya at laban sa mga manggagaway niya. Pagkatapos, ang kinahinatnan—noong nagpatuloy sa pagmamalabis—ay nilunod siya ni Allah sa dagat sampu ng lahat ng hukbo niya. Iniligtas naman ni Allah sina Moises at Aaron sampu ng kasama nila na mga anak ni Israel.

Ito ay ilan sa mga kapani-paniwalang tanda ni Allah sa paghihiganti Niya sa mga kaaway Niya at pag-aadya niya sa mga tinatangkilik Niya na dalawang lalaki na walang kasama kundi isang pangkat ng mga inalipin ng Paraon. Pinagpapatay ng Paraon ang mga lalaking anak nila at hinahayaang mabuhay ang kababaihan nila. Nagpapalasap siya sa kanila ng napakasagwang pagdurusa.

Naglakas-loob ang dalawang ito sa pag-anyaya sa isang mapaniil na hari at sa paglilinaw ng katotohanan sa kanya, at pagtuligsa sa kabulaanan na nasa kanya. Ipinagsanggalang naman silang dalawa ni Allah laban sa kawalang-katarungan at kalupitan ng Paraon. Bagkus ay pinatatag silang dalawa ni Allah at inayudahan sila. Pinabigkas ni Allah si Moises ng anumang maihahain na katwiran sa Paraon.

Dahil dito ay sinabi ni Allah ang sabi ng Paraon (20:49-55): **Nagsabi *ang Paraon*: "Sino ang Panginoon ninyong dalawa, o Moises?" Nagsabi *si Moises*: "Ang Panginoon namin ay ang nagbigay sa bawat bagay ng anyo nito at pagkatapos ay nagpatnubay Siya." Nagsabi *ang Paraon*: "Paano naman ang lagay ng mga unang salinlahi?" Nagsabi *si Moises*: "Ang kaalaman hinggil doon ay nasa Panginoon ko, sa isang talaan. Hindi nagkakamali ang Panginoon ko at hindi nakalilimot." *Siya* ang gumawa para sa inyo ng lupa bilang nakalatag, nagsingit para sa inyo rito ng mga landas, at nagbaba mula sa langit ng tubig, kaya nagpaluwal Kami sa pamamagitan nito ng mga kaurian ng sari-saring halaman. Kumain kayo at ipastol ninyo ang mga hayupan ninyo. Tunay na sa gayon ay talagang may mga tanda para sa mga may mga talino. Mula rito *sa lupa* nilikha Namin kayo at dito rin ibabalik Namin kayo at mula rito ilalabas Namin kayo sa ibang pagkakataon.**

Ang ibig sabihin: ang mga sugo, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati, ay naglinaw at nagpaliwanag sa katotohanan. Nilinaw nila ang mga pangalan ng Panginoon at

ang mga katangian Niya, na nagpapahiwatig sa dakilang kapangyarihan Niya at pagiging karapat-dapat Niya sa pagsamba, at na Siya ang Tagapaglikha, ang Nagmamay-ari, ang Tagapagtustos, ang Tagapagbigay-buhay, ang Tagabawi ng buhay, at ang Nangangasiwa sa bawat bagay.

Nilinaw rin ng mga propeta ang kataasan ni Allah at ang pangingibabaw Niya sa mga nilikha Niya. Dahil dito ay nagsabi ang Paraon sa katuwang niya na si Hámán (40:36-37): **"O Hámán, magpatayo ka para sa akin ng isang tore nang harinawa ako ay makarating sa mga daanan: ang mga daanan tungo sa langit, kaya makatitingin na ako sa Diyos ni Moises**. Ibinalita niya na si Allah ay nasa ibabaw ng langit. Dahil dito, ninais ng maniniil na ito na magmataas sa pamamagitan ng masagwang salita na ito na walang halaga.

Kabilang din dito ang nabanggit ni Allah tungkol kay Jesus, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati, at sa mga disipulo niya sa Súrah al-Má'idah kung saan nagsabi Siya (5:112-115): ***Banggitin* noong nagsabi ang mga disipulo: "O Jesus na anak na Maria, makakaya ba ng Panginoon mo na magpababa sa atin ng isang hapag mula sa langit?" ay nagsabi siya: "Mangilag kayong magkasala kay Allah kung kayo ay mga sumasampalataya." Nagsabi sila: "Ninanais namin na kumain mula roon, mapanatag ang mga puso namin, malaman namin na nagtotoo ka nga sa amin, at kami roon ay magiging kabilang sa mga nakasasaksi." Nagsabi si Jesus na anak ni Maria: "O Allah, Panginoon namin, magbaba Ka sa amin ng isang hapag mula sa langit, na para sa amin**

**ay magiging isang pagdiriwang: para sa una sa amin at huli sa amin, at isang tanda mula sa Iyo. Tustusan Mo kami yamang Ikaw ay pinakamainam sa mga nagtutustos." Nagsabi si Allah: "Tunay na Ako ay magpapababa niyon sa inyo; kaya ang sinumang tatangging sumampalataya pagkatapos niyon mula sa inyo, tunay na Ako ay magpaparusa sa kanya ng pagdurusang hindi Ko iparurusa sa isa man sa mga nilalang."**

Dito ay may isang paglilinaw sa isang bahagi ng kapangyarihan ni Allah, na Siya ang Makapangyarihan sa lahat ng bagay, na Siya ay nasa kaitaasan sapagkat ang pagpapababa ay mula sa mataas patungo sa mababa. Samakatuwid ang pagpapababa ng hapag at ang paghiling ng pagpapababa niyon, lahat ng iyon ay patunay na ang mga taong iyon ay nakababatid na ang Panginoon nila ay nasa kaitaasan. Sila ay higit na nakakikilala kay Allah at higit na nakaaalam kaysa sa mga Jahmí[32] at mga kauri nila na nagkaila sa kaitaasan.

Ang mga disipulo ay humiling niyon at si Jesus ay naglinaw niyon at si Allah ay naglinaw rin niyon. Dahil dito ay nagsabi si Allah (5:115): **Tunay na Ako ay magpapababa niyon sa inyo**. Nagpapatunay iyon na ang Panginoon natin ay hinihilingan mula sa kaitaasan, at na Siya ay nasa kaitaasan—kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya—nasa ibabaw ng mga langit, nasa ibabaw ng lahat ng nilikha, at nasa ibabaw ng trono na niluklukan Niya nang pagluklok na naaangkop sa kamahalan Niya at kadakilaan

---

[32] Ang mga Jahmí ay ang mga tagasunod ni al-Jahm ibnu Safwán. Ang mga ito ay nagkakaila sa lahat ng pangalan at katangian ni Allah. al-Fawzán, Sálih: 'Aqídah at-Tawhíd, pahina 64.

Niya, na hindi nakawawangis ng nilikha sa anuman sa mga katangian Niya.

Nagpapatunay sa ganitong kahulugan ang maraming talata ng Qur'an na naglilinaw sa katataasan ni Allah sa mga nilikha Niya. Kabilang doon ang kilalang pitong talata ng Qur'an tungkol sa "pagluklok" na nasaad sa sabi ni Allah sa Súrah al-'Aráf (7:54): **Tunay na ang Panginoon ninyo ay si Allah na lumikha sa mga langit at lupa sa loob ng anim na araw. Pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono. Ipinambabalot Niya ang gabi sa maghapon na humahabol naman doon *sa gabi* nang maliksi. *Nilikha Niya* ang araw, ang buwan at ang mga bituin, na mga sunud-sunuran sa utos Niya. Pakatandaan, ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.**

Sa talata na ito ay nililinaw Niya ang kataasan Niya; na Siya ang Palalikha, ang Palatustos, na Siya ang may-ari ng paglikha at pag-uutos, na Siya ang nagbabalot sa maghapon ng gabi, na Siya ang Tagapaglikha ng araw at gabi at ang Tagapaglikha ng mga bituin, upang malaman ng mga tao ang kadakilaan ng kalagayan Niya, ang kalubusan ng kapangyarihan Niya, at ang kalubusan ng kaalaman Niya, na Siya ang Mataas sa ibabaw ng lahat ng nilikha Niya, ang karapat-dapat na sambahin.

Kabilang din sa paksang ito ang sabi ni Allah (5:116-118): ***Banggitin* kapag magsasabi si Allah: "O Jesus na anak ni Maria, ikaw ba ay nagsabi sa mga tao: Gawin ninyo ako at ang ina ko bilang mga diyos bukod pa kay Allah?" ay magsasabi ito: "Kaluwalhatian sa Iyo;**

**hindi para sa akin na sabihin ko ang wala akong karapatan. Kung ako ay nagsabi niyon, talagang nalaman Mo na sana iyon. Nalalaman Mo ang nasa sarili ko at hindi ko nalalaman ang nasa sarili Mo. Tunay na Ikaw ay ang Napakamaalam sa mga Nakalingid. Wala akong sinabi sa kanila kundi ang ipinag-utos Mo sa akin: Sambahin ninyo si Allah, ang Panginoon ko at ang Panginoon ninyo. Ako noon sa kanila ay saksi habang nananatili ako sa piling nila; ngunit noong kinuha Mo na ako, Ikaw ay ang Tagapagmasid sa kanila. Ikaw sa bawat bagay ay Saksi. Kung pagdurusahin Mo sila, tunay na sila ay mga lingkod Mo; at kung patatawarin Mo naman sila, tunay na Ikaw ay ang Nakapangyayari, ang Marunong."**

Kaya tingnan mo kung papaanong nilinaw ang mga dakilang katangian na ito na ukol kay Allah, na nag-aanyaya sa pagsamba sa Kanya at hindi sa bawat anumang iba pa sa Kanya. Siya ang Nakaaalam sa mga nakalingid. Siya ang Nakapangyayari, ang Marunong. Siya ang Tagapagmasid sa mga lingkod Niya at ang Saksi sa Kanila. Siya ay nakaaalam sa anumang nasa sarili ng propeta Niya na si Jesus, samantalang si Jesus naman ay hindi nakaaalam sa anumang nasa sarili ni Allah.

Sa paksang ito ay mayroon ding pahiwatig sa pagkilala sa mga katangian. Ang mga propeta ay naghatid ng pagkilala sa mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya sa paraang naaangkop sa Kanya. Siya ay nagtataglay ng "sarili" na naaangkop sa Kanya na hindi nakawawangis ng mga sarili ng mga nilikha. Mayroon din Siyang mukha, mayroon

Siyang kamay, mayroon Siyang paa, mayroong Siyang mga daliri na hindi nakawawangis ng mga katangian ng mga nilikha. Nasaad ang ilan dito sa Qur'an. Nasaad sa Dinalisay na Sunnah ang pagkabanggit sa mukha, kamay, paa at mga daliri Niya. Lahat ng iyon ay patunay na Siya ay nagtataglay ng mga katangian ng kalubusan, at hindi nagoobliga iyon ng pagkakawangis Niya sa nilikha. Dahil dito ay nagsabi Siya (42:11): **Walang katulad sa Kanya na anumang bagay, at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakikita.**

Samakatuwid, ikinaila Niya para sa sarili Niya ang pagkakatulad sa nilikha. Pagkatapos ay kinilala Niya para sa sarili Niya ang pagdinig at ang pagkakita Niya. Nagpapatunay iyon na ang mga katangian Niya at ang mga pangalan Niya ay walang kawangis at walang katulad. Bagkus Siya ang lubos sa sarili Niya, sa mga pangalan Niya, sa mga katangian Niya at sa mga gawa Niya. Kaya Siya ang karapatdapat na sambahin at dakilain. Tungkol naman sa mga nilikha, ang mga katangian nila ay mahina at kulang. Tungkol naman sa Kanya, Siya ang lubos sa lahat ng bagay. Ang kaalaman Niya ay lubos, ang mga katangian Niya ay lubos lahat.

Walang duda na ang mga katangian ng mga nilikha ay hindi makatutulad sa mga katangian Niya magpakailanman sa anumang paraan. Dahil dito ay nagsabi Siya (16:74): **Kaya huwag ninyong gawan si Allah ng mga kahalintulad. Tunay na si Allah ay nakaaalam at kayo ay hindi nakaaalam.** Sinabi pa Niya (112:1-4): **Sabihin mo: "Siya,**

**si Allah, ay Isa.**[33] **Si Allah ay ang Dulugan** ***sa panganga-ilangan*****. Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, at walang isa man na sa Kanya ay naging kapantay.”** Sinabi pa Niya (42:11): **Walang katulad sa Kanya na ano mang bagay, at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakikita.**

Ang Ahlus Sunnah wal Jamá‘ah ay kumikilala sa anumang nasaad sa Aklat ni Allah at anumang napatotohanang Hadíth mula sa Sugo ni Allah (SAS) kaugnay sa mga pangalan at mga katangian ni Allah sa paraang naaangkop sa Kanya nang walang *tahríf*, walang *ta‘tíl*, walang *takyíf*, walang *tamthíl*,[34] walang pagdaragdag at walang pagbabawas. Bagkus kinikilala nila ang mga ito kung papaanong nasaad ang mga ito at pinalalampas nila ang mga ito kung paanong nasaad ang mga ito kalakip ng pananampalataya na ang mga ito ay totoo, at na ang mga ito ay napatunayang ukol kay Allah sa paraang naaangkop sa Kanya, hindi nakawawangis sa mga ito ang nilikha Niya gaya ng sinabi Niya (42:11): **Walang katulad sa Kanya na anumang bagay, at Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakikita.**

---

[33] *O* Siya, si Allah, ay isa; *O* Siya ay si Allah, isa.

[34] Ang *tahríf* ay ang pagpilipit sa kahulugan ng anumang katangian Niya palayo sa hayag na kahulugan nito nang walang patunay. Ang *ta‘tíl* ay ang pagtanggi sa kinakailangang paniwalaan na mga pangalan at mga katangian na ukol kay Allah, o ang pagtanggi sa ilan sa mga ito. Ang *takyíf* ay ang pagsasalaysay sa kalagayan (o detalye) ng mga katangian ni Allah, sa isip o sa salita, gaya ng pagsasabing ang Kamay ni Allah ay ganito at gayon. Ang *tamthíl* ay ang paghahalintulad o ang pagwawangis sa mga katangian Niya sa mga katangian ng mga nilikha o paniniwala na ang mga katangian Niya ay nakawawangis ng mga katangian ng mga nilikha.

Ang mga ito ay ilan sa mga usapin ng Tawhíd. Ang mga ito ay kabilang sa napakahalagang mga usapin. Si Allah ay naglinaw sa Mahal na Aklat Niya ng mga pangalan Niya at mga katangian Niya. Inulit-ulit Niya iyon sa maraming bahagi nang sa gayon ay makilala si Allah sa pamamagitan ng kadakilaan ng mga pangalan Niya, kadakilaan ng mga katangian Niya at kadakilaan ng mga gawain Niya. Ang mga gawain Niya ay lahat marikit. Ang mga pangalan Niya ay lahat magaganda. Ang mga katangian Niya ay lahat mataas. Sa pamamagitan niyon ay nalalaman ng mga tao ang Panginoon nila at ang Tagapaglikha nila kaya sasambahin nila Siya ayon sa kabatiran. Magbabalik-loob sila sa Kanya ayon sa kaalaman. Siya ay dumidinig sa panalangin nila at tumutugon sa isang nagigipit sa kanila. Siya ay Makapangyarihan sa lahat ng bagay.

Kabilang din dito ang nabanggit ni Allah tungkol sa mga kalipi ni Moises na mga anak ni Israel noong sinamba nila ang bulô. Nilinaw ni Allah sa kanila ang kabulukan ng kalagayan nila at ang kawalang-kabuluhan ng pinaggagawa nila. Nagsabi Siya (7:148): **Gumawa ang mga tao ni Moises, noong wala siya, mula sa mga hiyas nila ng isang bulô na rebulto na may pag-unga. Hindi ba nila nakita na ito ay hindi kumakausap sa kanila at hindi pumapatnubay sa kanila sa isang landas. Ginawa nila ito habang sila ay mga lumalabag sa katarungan.**

Samakatuwid, nilinaw Niya sa atin na ang Diyos na karapat-dapat sa pagsamba ay kinakailangan na isang nagsasalita, na isang nakaririnig na nakakikita, na isang nagpapatnubay sa landas, na ang kapangyarihan sa lahat ng bagay

at ang kaalaman sa lahat ng bagay ay nasa kamay Niya. Tungkol naman sa estatuwang bulô na walang buhay na sinasamba bukod pa kay Allah, ito ay bunga ng katiwalian ng mga pag-iisip: isang bulô na hindi tumutugon sa dumadalangin, hindi nagsasalita nang malinaw, hindi nagbibigay ng sagot, hindi nagdudulot ng pakinabang, hindi nakapipinsala, kaya paanong sinasamba ito sa halip kay Allah?

Sa ibang talata ay nagsasabi Siya (20:89): **Kaya hindi ba nila nakikita na hindi ito nagbabalik sa kanila ng isang salita at hindi nakakaya *na magdulot* para sa kanila ng isang kapinsalaan ni isang pakinabang?** Ang ibig sabihin ng **hindi ito nagbabalik sa kanila ng isang salita** ay nangangahulugan na ang bulô na ito ay hindi tumutugon ng isang salita sa kaninumang nagsalita rito o kumausap dito at hindi nakakaya *na magdulot* para sa kanila ng kapinsalaan ni pakinabang. Kaya papaanong pagtutuunan ito ng pagsamba kung sakaling ang mga pag-iisip ay matino?

Ang pakahulugang ito sa Aklat ni Allah ay lubhang marami. Nililinaw ni Allah sa mga lingkod Niya na Siya ang karapat-dapat sa pagsamba dahil sa kalubusan Niya at dakilang kapangyarihan Niya. Siya ang Nagmamay-ari sa lahat ng bagay at ang Makapangyarihan sa lahat ng bagay na nakaririnig sa panalangin ng mga dumadalangin, nakakakaya sa pagtugon sa pangangailangan nila, tumutugon sa nagigipit sa kanila, nagmamay-ari sa kapinsalaan at kapakinabangan at nagpapatnubay sa kaninumang loobin Niya patungo sa tuwid na landasin, kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya.

Ipinadala ni Allah ang Propeta natin na si Muhammad (SAS). Siya ang puno ng mga nilikha, ang pinakamainam sa kanila at ang pinuno ng mga isinugong propeta. Ipinadala siya ni Allah dala ang aral na ipinadala dahil dito ang mga sinaunang sugo: ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, ang pag-uukol ng kawagasan sa Kanya, ang pag-aanyaya tungo roon, ang paglilinaw sa mga katangian Niya at mga pangalan Niya, na Siya ang karapat-dapat na sambahin. Kaya ang paanyaya Niya ay isang buong paanyaya. Sinabi Niya (7:158): **Sabihin mo: "O mga tao, tunay na ako ay Sugo ni Allah sa inyong lahat**.

Nagbaba si Allah sa kanya ng isang Dakilang Aklat. Ito ang pinakamarangal sa mga aklat, ang pinakadakila sa mga ito, ang pinakakapaki-pakinabang sa mga ito at ang pinakamasaklaw. Nilinaw Niya rito ang mga patunay ng Tawhíd, na Siya ang Dakilang Panginoon, ang Makapangyarihan sa lahat ng bagay, ang Nagmamay-ari ng lahat ng bagay, ang Nagdudulot ng pakinabang, ang Nakapipinsala. Inutusan Niya ang sugo Niya na iparating sa mga tao iyon ayon sa maraming talata ng Qur'an.

Ang sinumang magbubulay-bulay sa Qur'an ay malalaman ito, gaya ng sinabi Niya (31:25): **Talagang kung tatanungin mo sila kung sino ang lumikha sa mga langit at lupa ay talagang sasabihin nga nila na si Allah.** Sinabi pa Niya (10:31): **Sabihin mo: "Sino ang nagtutustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at mga paningin? Sino ang nagpapaluwal ng buhay mula sa patay at ang nagpapaluwal ng patay mula sa buhay? Sino ang nangangasiwa sa kapakanan?"**

**at magsasabi sila na si Allah. Kaya sabihin mo: “Kaya hindi pa ba kayo mangingilag magkasala?”**

Samakatuwid, inutusan ni Allah ang Propeta Niya (SAS) na mangatwiran sa kanila sa pamamagitan ng kinilala nila na mga gawain ng Panginoon at kapangyarihan Niya, na Siya ay nagbibigay-buhay at bumabawi sa buhay, na Siya ang Tagapangasiwa at ang Tagapagtustos sa kabila ng pagtanggi nila sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah sa pagsamba at pagkakaila nila roon.

Ang kahulugan ng mga talata: Kapag kayo ay kumikilala na ito nga ang Panginoon ninyo na nagmamay-ari ng kapinsalaan at pakinabang, nangangasiwa sa mga kapakanan, nagbibigay-buhay at bumabawi ng buhay at nagtutustos sa mga lingkod Niya, papaanong hindi ninyo itinitigil ang pagtatambal sa Kanya at hindi Siya sinasamba nang mag-isa at wala nang iba pa sa Kanya. Kabilang dito ang sabi Niya (23:84-85): **Sabihin mo: “Kanino ang lupa at ang sinumang naroroon, kung kayo ay nakaaalam.” Sasabihin nila: “Kay Allah.” Sabihin mo: “Kaya hindi ba kayo mag-aalaala?”** at ang iba pang mga talata pagkatapos nito.

Lahat ng ito ay paalaala mula kay Allah para sa mga lingkod Niya sa pamamagitan ng Sugo Niya na si Muhammad (SAS) kaugnay sa kadakilaan ng karapatan Niya at kaugnay sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya. Siya ang karapat-dapat na sambahin dahil sa kalubusan ng kapangyarihan Niya, kalubusan ng kaalaman Niya, kalubusan ng pagmamagandang-loob Niya. Siya ang Tagapagdulot ng pakinabang, ang Tagapinsala. Siya ang Makapangyarihan

sa lahat ng bagay, ang namumukod-tangi sa kawalan ng kawangis at kaagaw sa mga gawain Niya, mga pangalan Niya at mga katangian Niya.

Noong isinugo ni Allah si Propeta Muhammad (SAS), sinimulan nito ang paanyaya sa Tawhíd gaya ng mga naunang sugo, kaya nagsabi siya sa mga Qurayshi: ***O mga tao, sabihin ninyo: Walang Diyos kundi si Allah, magtatagumpay kayo.*** Gayon niya sinimulan sila. Hindi niya muna ipinag-utos sa kanila ang pagdarasal o ang zakáh, o ang pagtalikod sa alak o pangangalunya o mga kawangis niyon. Hindi. Bagkus ay nagsimula siya sa kanila sa Tawhíd dahil ito ang batayan; at kapag bumuti ang batayan, darating ang iba pa matapos niyon. Kaya nga sinimulan niya sila sa dakilang batayan: ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, ang pag-uukol ng kawagasan sa Kanya, at ang pananampalataya sa Kanya at sa mga sugo Niya.

Ang batayan ng kapaniwalaan at ang batayan ng relihiyon ay nasa Batas ng bawat sugo: ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at ang pag-uukol ng kawagasan sa Kanya. Ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at ang pag-uukol ng kawagasan ay ang relihiyon ng lahat ng Muslim. Ito ang pokus ng paanyaya nilang lahat at ang buod ng mensahe nila, sumakanila ang pagpapala at ang pagbati, gaya ng naunang nabanggit. Noong nagsabi ang Sugo (SAS) sa mga kalipi niya: ***Sabihin ninyo: Walang Diyos kundi si Allah, magtatagumpay kayo*** ay minasama nila iyon at pinagtakahan siya dahil iyon ay kasalungatan ng paniniwala nila at ng mga ninuno nila.

Sinuong nila ang Shirk at ang pagsamba sa mga idolo sa loob ng matagal na panahon matapos na binago sa kanila ni ‘Amr ibnu Luhayy al-Khuzá‘í na isang pangulo noon sa Makkah ang relihiyon nila. Sinasabi na siya ay naglakbay patungong Siria at natagpuan niya ang mga tao roon na sumasamba sa mga imahen. Kaya umuwi siya sa Makkah at inanyayahan ang mga tao na sumamba sa mga imahen bilang paggaya sa mga pagano doon sa Siria. Sinasabi rin na sinabihan daw siya na: “Pumunta ka sa Jeddah, makatatagpo ka roon ng mga inihandang imahen. Kunin mo ang mga ito at huwag mong ipagkaloob. Anyayahan mo ang mga Arabe sa pagsamba sa mga ito, tutugon ang mga ito.”

Kaya inilabas niya ang mga imahen na ito at ipinalaganap niya ang mga ito sa gitna ng mga Arabe at sinamba naman nila ang mga ito na kinabibilangan nina Wadd, Suwá‘, Yaghúth, Ya‘úq at Nasr, na pawang mga sinasamba ng mga tao ni Noe. Tumanyag ang mga ito sa gitna ng mga Arabe at sinamba bukod pa kay Allah, dahil kay ‘Amr ibnu Luhayy na nabanggit. Pagkatapos ay umimbento pa sila ng ibang mga imahen at diyus-diyusan sa iba pang mga lipi. Sinasamba nila ang mga ito kasama kay Allah. Humihiling sila sa mga ito na tugunin ang mga pangangailangan. Ginagawa nila ito na mga diyos na kasama ni Allah. Naghahandog sila sa mga ito ng sari-saring handog gaya ng pag-aalay ng hayop, mga panata, mga panalangin, mga pagpupunas at iba pa roon.

Kabilang din doon si al-‘Uzzá para sa mga naninirahan sa Makkah, si Manáh para sa mga naninirahan sa Madínah at sinumang nasa paligid nila, si al-Lát para sa mga nani-

nirahan sa Tá'if at sinumang nasa paligid nila, at iba pang mga diyus-diyusan at mga idolo na marami sa mga Arabe. Kaya inanyayahan noon sila ng marangal na Propetang ito, ang Sugo natin (SAS), sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at sa pagtalikod sa mga diyos nila. Tinanggihan nila iyon at nagsabi (38:5): **Ginawa ba niya ang mga diyos na nag-iisang diyos? Tunay na ito ay talagang isang kataka-takang bagay.** Nagsabi naman si Allah tungkol sa kanila (37:35-36): **Tunay na sila noon, kapag sinabi sa kanila na walang Diyos kundi si Allah, ay nagmamalaki *sa pagtanggi* at nagsasabi: "Tunay na kami ba ay talagang tatalikod sa mga diyos namin dahil sa isang baliw na manunula?"**

Kaya tingnan mo kapatid kung papaanong nanaig sa kanila ang kamangmangan hanggang sa ipinagpalagay nila na ang pag-anyaya sa pagkaiisa ni Allah ay isang kataka-takang bagay. Nagmalaki sila sa Propeta (SAS), pinagtakahan nila siya at inaway nila ang nag-anyaya sa kanila hanggang sa kinalaban nila siya. Humantong pa sa punto na nagkaisa ang pananaw nila na patayin siya. Ngunit iniligtas siya ni Allah sa panlalansi nila. Lumikas siya mula sa kanila patungong Madínah.

Pagkatapos ay nagtangka rin silang patayin siya noong araw ng labanan sa Badr, ngunit hindi sila nagtagumpay. Tinangka rin nila iyon noong araw ng labanan sa Uhud nang higit na matindi kaysa noong una. Ngunit pinangalagaan siya ni Allah laban sa panlalansi nila at pakana nila. Pagkatapos at tinangka nila noong araw ng labanan ng mga panig na pawiin ang paanyaya ng Islam at lipulin ang Sugo

(SAS) at ang mga Kasamahan Niya. Ngunit pinawalang-saysay ni Allah ang pakana nila at hinati-hati ang bukluran nila. Iniligtas siya ni Allah laban sa kasamaan nila at mga panlalansi nila. Pinanaig ni Allah ang Relihiyon niya at inayudahan ang pag-anyaya niya tungo sa Islam. Tinulungan siya ni Allah sa pakikibaka sa mga kaaway niya hanggang sa pinalugod siya ni Allah bago siya pumanaw sa pamamagitan ng pananaig ng Islam, pananaig ng katotohanan, paglaganap ng Tawhíd sa lupa at pagkalipol sa diyus-diyusan matapos na sinakop ni Allah para kanya ang Makkah noong ikawalong taon ng paglikas, sa Buwan ng Ramadán.

Pumasok ang mga tao, matapos niyon, sa Relihiyon mula kay Allah nang pulu-pulutong dahil na rin sa pagsakop ni Allah sa Makkah para sa kanya at sa pagpasok ng mga Quraysh sa Islam. Pagkatapos ay nagkasunud-sunod ang mga Arabe sa pagpasok sa Relihiyon mula kay Allah at pagtanggap sa paanyaya ng Sugo—sumakanya ang pinakamainam na pagpapala at pagbati—gaya ng paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, pag-uukol ng kawagasan kay Allah at pananatili sa Batas ni Allah. Ang ibig sabihin nito ay na ang Sugo natin at ang Propeta natin na si Muhammad (SAS) ay nag-aanyaya sa aral na ayon sa paanyaya ng mga sugo na nauna sa kanya—gaya ni Noe at ng sinumang dumating matapos nito—sa pag-uukol ng kawagasan kay Allah, at pagtigil sa pagsamba sa iba pa kay Allah.

Ito ang unang paanyaya niya at ito ang buod nito. Ito ay pinakamahalagang tungkulin, unang tungkulin at pinakadakilang tungkulin. Ang mga anak ni Adan ay nakabatay sa Tawhíd mula noong panahon ni Adan hanggang sa

panahon ni Noe (AS) sa loob ng sampung siglo, gaya ng sinabi ni Ibnu ‘Abbas at ng ilan.

Noong nagkaiba-iba sila dahil sa Shirk na nasadlak sa mga tao ni Noe, ipinadala ni Allah ang mga sugo. Sinabi ni Allah (2:213): **Ang mga tao noon ay nag-iisang kalipunan. Pagkalipas ay ipinadala ni Allah ang mga propeta bilang mga tagapagbalita ng nakagagalak at mga tagapagbabala.** Nangangahulugan ito na ang mga tao noon ay nag-iisang kalipunan na nakabatay sa Tawhíd at Pananampalataya ngunit nagkaiba-iba sila matapos niyon gaya ng sinabi Niya sa ibang talata sa Súrah Yúnus (10:19): **Walang iba ang mga tao noon kundi nag-iisang kalipunan, pagkaraan ay nagkaiba-iba sila.**

Nangangahulugan ito na sila noon ay nakabatay sa Tawhíd at Pananampalataya. Ito ang totoong pahayag. Pagkatapos ay nagkaiba-iba sila matapos niyon sa pagitan nila dahilan sa pag-anyaya ng Demonyo tungo sa pagsamba kina Wadd, Suwá‘, Yaghúth, Ya‘úq, at Nasr. Kaya noong naganap ang Shirk sa mga tao ni Noe dahilan sa pagpapalabis nila sa pagdakila sa mga matuwid na tao at sa paghalina ng Demonyo sa kanila sa pagsamba sa mga taong ito bukod pa kay Allah, ipinadala ni Allah sa kanila si Noe —sumakanya ang pagpapala at ang pagbati ni Allah. Inanyayahan niya sila sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, sa pag-uukol ng kawagasan sa Kanya at sa pagtigil sa pagsamba sa iba pa sa Kanya.

Samakatuwid si Noe (AS) ay kauna-unahang sugo na isinugo ni Allah sa mga naninirahan sa lupa matapos na maganap ang Shirk dito. Tungkol naman kay Adan, may

nasaad na mga mahinang Hadíth na nagpapahiwatig na siya ay isang propeta at sugo na kinausap ni Allah, ngunit ang mga ito ay hindi mapagbabatayan dahil sa kahinaan ng katumpakan ng pagkasalaysay sa mga ito. Walang duda na nagsiwalat kay Adan ng batas, at na siya ay nakabatay sa Batas mula sa Panginoon niya, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati ni Allah. Ang mga supling niya noon ay nakabatay rin sa Batas niya, sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at sa pag-uukol ng kawagasan kay Allah. Pagkatapos niyon, pagkalipas ng mga sampung salinlahi o ng panahon na niloob ni Allah matapos niyon, ay naganap ang Shirk sa mga tao ni Noe dahil kina Wadd, Suwá‘, Yaghúth, Ya‘úq at Nasr, gaya ng naunang nabanggit.

Nasaad sa mga tanyag na salaysay ayon kay Ibnu ‘Abbás at iba pa na sina Wadd, Suwá‘, Yaghúth, Ya‘úq at Nasr noon ay mga matuwid na tao. Ngunit noong nangamatay ang mga ito ay inudyukan ng Demonyo ang mga tao na magtayo sa mga pinag-uumpukan nila ng mga dambana at pangalanan ng mga pangalan ng mga taong ito. Ginawa nila ngunit hindi nila sinamba ang mga ito. Nang namatay ang mga iyon at napawi ang kaalaman ay sinamba na ang mga ito bukod pa kay Allah. Sa madaling salita, noong naglaho ang kaalaman at nangaunti ang mga maalam na nakatatalos, dumating ang Demonyo sa mga tao at nagsabi sa kanila: “Ang mga imahen na ito ay isinalarawan lamang dahil ang mga ito ay nakapagdudulot ng pakinabang. Ang mga ito ay dinadalanginan, hinihingan ng saklolo at hinihingan ng ulan.” Kaya nasadlak sa Shirk ang mga tao dahil doon.

Sa pamamagitan nito ay malalaman na si Noe, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati, ay ang unang sugo ni Allah sa mga naninirahan sa lupa matapos maganap ang shirk doon, gaya ng nasaad sa Sahíh al-Bukhárí at Sahíh Muslim at iba pa: "…na ang mga taong nasa Tayuan[35] sa araw ng pagkabuhay ay magsasabi: O Noe, ikaw ang unang sugo na isinugo ni Allah sa mga naninirahan sa lupa, kaya mamagitan ka para sa amin sa Panginoon mo…"

Tungkol naman kay Adam, napagtibay na ang pagkapropeta niya bago niyon, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati, sa pamamagitan ng ibang mga patunay. Nasaad sa Hadíth ayon kay Abú Dharr, na ayon naman kay Abú Hátim ibnu Hibbán at iba pa, na siya ay nagtanong sa Propeta (SAS) tungkol sa mga sugo at mga propeta. Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ang mga propeta ay isandaan at dalawampu't apat na libo at ang mga sugo ay tatlong daan at labingtatlo.*** Sa sanaysay naman ni Abú Umámah: Tatlong daan at labinglima. Subalit ang dalawang ito ay mga Hadíth na mahina ayon sa mga may kaalaman. Ang dalawang ito ay may mga patunay ngunit ang mga ito ay mahina rin, gaya ng nabanggit natin kanina. Sa ilang mga Hadíth naman, nasaad na nagsabi siya (SAS): Isang libong propeta o higit pa. Sa iba pang Hadíth: Na ang mga propeta ay tatlong libo.

Ang lahat ng Hadíth sa paksang ito ay mahina. Bagkus ay itinuring ni Ibnu al-Jawzí na ang Hadíth ayon kay Abú Dharr ay kabilang sa mga mawdú' (ginawa-gawa). Ang ibig sabihin ay walang ulat na mapagbabatayan kaugnay sa

[35] Mawqif sa wikang Arabe. Isang pook na tatayuan ng mga tao sa Kabilang-buhay. Ang Tagapagsalin.

bilang ng mga propeta at mga sugo, kaya walang nakaaalam sa bilang nila kundi si Allah. Gayunpaman sila ay isang malaking bilang. Isinalaysay sa atin ni Allah ang mga ulat tungkol sa ilan sa kanila at hindi naman niya isinalaysay ang mga ulat ng iba pa dahil sa malalim na katwiran at malaking pakinabang.

Sapat nang nalaman natin na silang lahat ay nag-anyaya sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at pag-uukol ng kawagasan sa Kanya at na sila ay nag-anyaya sa mga kalipunan tungo roon. Mayroon sa mga inanyayahang iyon na tumanggap sa paanyayang ito at mayroon sa mga iyon na tumanggi roon. Mayroon sa mga iyon na kakaunti lamang ang sumunod. Mayroon sa mga iyon na lubusang hindi tumugon kahit isa, gaya ng ibinalita tungkol doon ng Propeta natin na si Muhammad (SAS).

Ang propeta natin ay ang pangwakas sa kanila at ang pinakamainam sa kanila, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati. Napag-alaman na ang naganap sa kanya, kasama ng mga kalipi niya, na alitan at pagtatalo sa Makkah. Madalas na saktan siya at ang mga Kasamahan niya hanggang sa napagkaisahang patayin siya. Ngunit iniligtas siya ni Allah sa gitna nila. Sa Madínah naman ay naganap ang naganap na mga pananalakay at dakilang pakikibaka hanggang sa pagwagiin siya ni Allah at ayudahan laban sa kanila.

Sa pamamagitan niyon ay lumilinaw na sa lahat na ang paanyaya ng lahat ng sugo ay ang paanyaya tungo sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah at pag-uukol ng kawagasan sa Kanya. Ang lahat ng propeta at ang lahat ng sugo ay nag-anyaya tungo sa paniniwala sa pagkaiisa ni Allah, pag-uukol

ng kawagasan sa Kanya, at pananampalataya sa mga pangalan Niya, mga katangian Niya at mga gawain Niya. Siya ay nag-iisa sa pagkapanginoon Niya, nag-iisa sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya, nag-iisa sa pagiging karapat-dapat Niya sa pagsamba at hindi ang bawat iba pa sa Kanya yamang hindi karapat-dapat doon ang iba sa Kanya, ni ang isang propeta, ni ang isang anghel, ni ang isang matuwid, ni ang iba pa sa kanila na kabilang sa mga nilikha.

Ang sambahin ay karapatan ni Allah. Alang-alang dito ay nilikha Niya ang mga nilikha at dahil dito ay isinugo Niya ang mga sugo, gaya ng sinabi Niya (51:56): **Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako.** Sinabi pa Niya (16:36): **Talaga ngang nagpadala Kami sa bawat kalipunan ng isang sugo, *na nagsasabi*: Sambahin ninyo si Allah at iwaksi ninyo ang huwad na diyos.**

Kaya alang-alang sa pagsamba kay Allah at paniniwala sa pagkaiisa Niya ay nilikha ang mga nilikha, isinugo ang mga sugo at ibinaba ang mga kasulatan, gaya ng sinabi Niya (11:1-2): **Alif. Lam. Ra'. *Ito ay* isang Aklat na tahasang pinalinaw ang mga Talata nito, pagkatapos ay sinari-sari ang mga ito mula sa panig ng isang Marunong, isang Nakababatid, upang wala kayong sambahin kundi si Allah. Tunay na ako para sa inyo mula sa Kanya ay isang tagapagbabala at isang tagapagbalita ng nakagagalak.** Sinabi pa Niya (14:52): **Ito ay isang pahatid para sa mga tao, at upang mapagbalaan sila sa pamamagitan nito, upang malaman nila na Siya ay nag-iisang Diyos**

**lamang at upang makapag-alaala ang mga may mga pang-unawa.**

Nilinaw ni Allah sa Mahal na Aklat Niya mula sa mga tanda Niya at mga nilikha Niya ang nagpapatunay sa dakilang kapangyarihan Niya, pagkadiyos Niya at pagkapanginoon Niya, at na Siya ang karapat-dapat sa pagsamba.

Ang sinumang magmuni-muni sa Aklat ni Allah at sa mga nilikha Niya ay matatagpuan niya mula sa mga binibigkas na kapahayagan, mga nadaramang tanda ni Allah at mga naiparating na ulat ang nagpapatunay na Siya ang karapat-dapat sa pagsamba, na ang lahat ng sugo ay nagparating niyon at nag-anyaya niyon, at na ang Shirk na nasadlak sa mga tao ni Noe ay hindi pa rin nawala sa mga tao magpahanggang sa panahon nating ito. Hindi nawala sa mga tao ang sumasamba sa mga imahen at mga diyus-diyusan at nagpapakalabis sa pagpipitagan sa mga matuwid na tao at mga propeta, na sinasamba nila kasama kay Allah. Ito ay alam ng bawat nagmamasid sa mga kalagayan ng mundo magmula noong panahon ni Noe hanggang sa panahon nating ito.

Batay sa nabanggit natin mula sa Aklat ni Allah at mula sa salita ng Sugo Niya na si Muhammad, sumakanya ang pinakamainam na pagpapala at ang pinakadalisay na pagbati, at mula sa kasalukuyang lagay ng mundo, lumilinaw na ang Tawhíd ay binubuo ng mga bahagi. Nabatid iyon ng mga may kaalaman sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa Aklat ni Allah at Sunnah ng Sugo Niya, sumakanyan ang pagpapala at ang pagbati.

Ito ay binubuo ng tatlong bahagi:

1. Ang Tawhíd ar-Rubúbíyah (Ang Paniniwala sa pagkaiisa sa Pagkapanginoon). Ito ay ang pananampalataya na si Allah ay nag-iisa sa mga gawain Niya, paglikha Niya, pangangasiwa Niya sa mga lingkod Niya, at na Siya ang Tagapamahala sa mga lingkod Niya kung papaanong niloloob Niya sa pamamagitan ng kaalaman Niya at kapangyarihan Niya.
2. Ang Tawhíd al-Asmá’ wa as-Sifát (Ang Paniniwala sa pagkaiisa sa mga Pangalan at mga Katangian). Siya ay inilarawan sa pamamagitan ng mga napakagandang pangalan at mga napakataas na katangian. Siya ay lubos sa sarili Niya, mga pangalan Niya, mga katangian Niya at mga gawain Niya. Wala Siyang kawangis, wala Siyang katapat, at wala Siyang kaagaw.
3. Ang Tawhíd al-‘Ibádah (Ang Paniniwala sa pagkaiisa ng Pinag-uukulan ng Pagsamba).[36] Siya ay karapat-dapat na sambahin, tanging Siya na walang katambal na iba pa sa Kanya.

Kung loloobin mo, sabihin mo na ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah ay ang pananampalataya na Siya ang Panginoon ng lahat, ang Tagapaglikha ng lahat at ang Tagapagtustos ng lahat. Siya ay walang katambal sa lahat ng mga gawain Niya, walang katambal sa paglikha Niya at pagtutustos sa mga lingkod Niya, walang katambal sa pangangasiwa sa mga bagay-bagay. Siya ang Nagmamay-ari sa bawat bagay, gaya ng sinabi Niya (5:120): **Kay Allah ang**

[36] Kilala rin ito sa tawag na Tawhíd al-Ulúhiyah (Ang Paniniwala sa Pagkaiisa ng Pagkadiyos).

**paghahari sa mga langit at lupa at anumang nasa loob ng mga ito. Siya sa bawat bagay ay Makapangyarihan.**

Samakatuwid Siya ang Nagmamay-ari sa bawat bagay at ang Tagapamahala sa bawat bagay. Ukol sa Kanya ang lahat ng pag-uutos at ukol sa Kanya ang lahat ng paglikha, gaya ng sinabi Niya (7:54): **Pakatandaan, ukol sa Kanya ang paglikha at ang pag-uutos. Mapagpala si Allah, ang Panginoon ng mga nilalang.** Siya ang nataguriang ng mga katangian ng kalubusan, ang tinatawag sa mga napakagandang pangalan kaya wala Siyang kawangis sa mga nilikha Niya sa anumang bagay. Bagkus ay Siya ang Lubos sa sarili Niya, mga pangalan Niya, mga katangian Niya at mga gawain Niya. Siya ang karapat-dapat na sambahin at itangi sa pagsamba na gaya ng *du'á'* (panalangin), *Khawf* (pangamba), *rajá'* (pag-asa), *tawakkul* (pananalig), *raghbah* (pagmimithi), *rahbah* (pangingilabot), *s̲aláh* (dasal), *s̲awm* (pag-aayuno), *dhabh̲* (pagkatay ng hayop), *nadhr* (pamamanata), at iba pa roon.

Lahat ng ito ay napaloloob sa tinatawag na Tawhíd. Ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah ay ang Tawhíd ng mga propeta at mga isinugo. Ito rin ang Tawhíd na inihatid ng pangwakas sa kanila, puno nila at pinuno nila, ang Propeta natin na si Muhammad, sumakanya ang pagpapala at ang pagbati.

Maaari ring magbigay tayo ng ibang katawagan. Masasabi natin na ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah na inihatid ng lahat ng mga sugo ay nahahati sa dalawang bahagi:

1. *Tawh̲íd fí al-Ma'rifah wa al-Ithbát* (Tawhíd ayon sa Kaalaman at Pagkilala). Ang kahulugan nito ay ang pananam-

palataya sa mga pangalan ni Allah, mga katangian Niya, sarili Niya, paglikha Niya sa mga nilalang, pagtustos Niya sa kanila, at pangangasiwa Niya sa mga kapakanan nila.

Ito ay ang paniniwala sa pagkaiisa ni Allah ayon sa kaalaman at pagkilala: na sasampalataya at maniniwala na si Allah ay nag-iisa sa pagkapanginoon Niya, nag-iisa sa mga pangalan Niya, mga katangian at pangangasiwa Niya sa mga lingkod Niya. Siya ang Tagapaglikha nila, ang Tagapagtustos nila at ang nagtataglay ng mga katangian ng kalubusan na walang kakulangan at kapintasan. Wala Siyang katambal doon, wala Siyang kawangis at wala Siyang kaagaw.

2. *Tawh̲íd al-Qas̲d wa at̲-T̲alab* (Ang Paniniwala sa pagkaiisa ng Layon at Hiling). Ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa layon mo, hiling mo, dasal mo, pag-aayuno mo at sa nalalabing mga pagsamba mo. Wala kang lalayunin sa pamamagitan niyon kundi ang ikasisiya ng Mukha Niya. Ganoon din ang mga kawanggawa mo at ang nalalabing mga gawain mo na ipinapanlapit-loob mo kay Allah, wala kang lalayunin sa pamamagitan ng mga iyon kundi ang ikasisiya ng Mukha ni Allah. Kaya naman wala kang dadalanginan kundi Siya. Hindi ka mamamanata kundi sa Kanya. Hindi ka maghahandog ng sari-saring pampalapit-loob kundi sa Kanya. Hindi ka hihiling ng kagalingan ng mga maysakit at pananagumpay laban sa mga kaaway kundi mula sa Kanya. Pakaiisahin mo Siya sa lahat ng iyon.

Ang mga ito ang mga uri ng Tawhíd. Nasasaiyo na kung ipahahayag mo ito sa pamamagitan ng dalawang pag-uuri

at nasasaiyo na rin kung ipahahayag mo ito sa pamamagitan ng tatlong pag-uuri. Nasasaiyo na rin kung ipahahayag mo ito sa pamamagitan ng isang pag-uuri, gaya ng naunang nabanggit natin kanina.

Walang maitututol sa terminolohiya at pagpapahayag. Ngunit ang nilalayon ay na malaman lamang natin kung ano ang Tawhíd na ipinadala ni Allah dahil dito ang mga sugo, na ibinaba Niya dahil dito ang mga kasulatan, at na naganap hinggil dito ang alitan sa pagitan ng mga sugo at mga kalipunan nila. Ito ay ang Tawhíd al-‘Ibádah.

Tungkol naman sa Kanyang pagiging Panginoon ng lahat, Tagapaglikha ng mga nilikha, Tagapagtustos nila, na Siya ay lubos sa sarili Niya, mga pangalan Niya, mga katangian Niya at mga gawain Niya, na Siya ay walang kawangis, walang kaagaw, walang katulad, ay hindi nangyari rito ang salungatan sa pagitan ng mga sugo at mga kalipunan. Bagkus ang lahat ng Mushrik, maging mga Quraysh man at iba pa, ay kumikilala rito.

Ang nangyaring pagtutol ng Paraon at pag-aangkin niya ng pagkapanginoon ay isang pagmamayabang. Nalalaman niya sa kaibuturan ng sarili niya na siya mismo ay nagpapawalang-kabuluhan doon, gaya ng sinabi sa kanya ni Moises (17:102): **Nagsabi siya: “Talaga ngang nalaman mo na walang nagpababa sa mga himalang ito kundi ang Panginoon ng mga langit at lupa bilang mga patunay.** Nagsabi pa si Allah tungkol sa kanya at sa mga tulad niya (27:14): **Ikinaila nila ang mga *tanda na* ito samantalang natiyak ang mga ito ng mga sarili nila, dala ng paglabag sa katarungan at pagmamataas.** Nagsabi pa

Siya (6:33): **Nalalaman nga Namin na talagang nagpalungkot sa iyo ang sinasabi nila, at tunay na sila ay hindi nagpapasinungaling sa iyo subalit ang mga lumalabag sa katarungan ay sa mga Tanda ni Allah tumatanggi.**

Ganoon din ang pinaniwalaan ng Duwalismo[37] na pagkadiyos ng liwanag at kadiliman, pagmamayabang din ito. Sila, sa kabila niyon, ay hindi nagsabi na ang dalawa ay magkapantay. Sa mundo ay walang nagsasabing may dalawang diyos na magkapantay sa pamamahala at pangangasiwa.

Tungkol naman sa lubusang pagkakaila ng mga ateista sa Panginoon ng mga nilalang at sa pagkakaila nila sa Kabilangbuhay, ito ay hindi nakapagtataka sa mga kaaway ni Allah, dala ng katiwalian ng mga pag-iisip nila dahil sa pananaig ng mga demonyo sa kanila anupa't inilihis sila ng mga ito palayo sa kalikasan ng pagkalalang ni Allah na alinsunod doon ay nilalang ang mga tao.

Ang mga ateista na ito, kahit pa man nagkaila sila sa pamamagitan ng mga bibig nila, ang mga puso naman nila ay kumikilala roon, gaya ng pagkilala roon ng mga bagay-bagay at ng lahat ng bagay. Nagsabi si Allah (17:44): **Nagluluwalhati sa Kanya ang pitong langit, ang lupa, at ang sinumang nasa mga ito. Walang anumang bagay na hindi nagluluwalhati sa kapurihan Niya ngunit hindi ninyo nauunawaan ang pagluluwalhati nila. Tunay na Siya ay laging Matimpiin, Mapagpatawad.** Nagsabi pa

[37] Pilosopiya or relihiyon na naniwalang may dalawang kapangyarihang umiiral sa sansinukob: ang mabuti at ang masama, o ang liwanag at ang kadiliman. Ang Zoroasterianismo at ang Manichaenismo ay mga relihiyong batay sa paniniwalang ito. Ang Tagapagsalin.

Siya (22:18): **Hindi mo ba napag-alaman na kay Allah ay nagpapatirapa ang sinumang nasa mga langit, ang sinumang nasa lupa, ang Araw, ang Buwan, ang mga bituin, ang mga bundok, ang mga punong-kahoy, ang mga hayop at ang marami sa mga tao. May marami *rin* na naging karapat-dapat sa pagdurusa.**

Ang ipinakakahulugan nito ay na ang sinumang magkaila sa Panginoon ng mga nilalang, na gaya ng mga salaring Káfir, siya sa katotohanan ay nagmamayabang sa kalikasan ng pagkalalang sa kanya at sa isip niya, sapagkat tunay na ang kalikasan ng pagkalalang at ang isip ay sumasaksi na mayroong Panginoon na namamahala sa sansinukob, na nangangasiwa sa mga nilalang, na walang kawangis sa Kanya ni kaagaw sa Kanya. Kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya na may malaking kataasan laban sa sinasabi ng mga lumalabag sa katarungan.

Dahil dito, nasabi natin na ang mga Mushrik ay kumilala nga sa Tawhíd ar-Rubúbíyah at Tawhíd al-Asmá' wa as-Sifát at hindi nila ikinaila ang mga ito sapagkat siya ay nakaaalam na si Allah ay ang Tagapaglikha ng mga tao, ang Tagapagtustos nila, ang Tagapangasiwa ng mga kapakanan nila, ang Tagapagpababa ng ulan, ang Tagapagbigay-buhay, ang Tagabawi ng buhay, ang Palatustos sa mga lingkod, at iba pa roon, gaya ng naunang paglilinaw.

Kaya ang isinasatungkulin sa iyo, o lingkod ni Allah, kung nalaman mo na ang naunang nabanggit ay na ipagkaloob mo ang makakaya mo sa paglilinaw ng orihinal na simulaing ito, sa pagpapalaganap nito sa gitna ng mga tao at sa pagpapaliwanag nito sa mga nilalang upang malaman

ito ng sinumang hindi nakabatid, upang sambahin si Allah lamang ng sinumang nagtambal sa Kanya at sumalungat sa utos Niya, at upang sa pamamagitan niyon ikaw ay maging isang nakasunod sa mga sugo at isang tumatahak sa mga landas nila sa pag-aanyaya tungo kay Allah, bilang pagtupad sa ipinagkatiwalang tungkulin na dinadala mo.

Kaya magkakaroon ka ng tulad sa mga gantimpala ng napatnubayan ni Allah sa pamamagitan mo hanggang sa araw ng pagkabuhay, gaya ng sinabi ni Allah (41:33): **Sino pa ang higit na magaling sa pananalita kaysa sa kanya na nag-anyaya tungo kay Allah, gumawa ng matuwid at nagsabi: "Tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim."** Nagsabi pa Siya (12:108): **Sabihin mo: "Ito ay landas ko. Nag-aanyaya ako tungo kay Allah batay sa kabatiran, ako at ang sinumang sumunod sa akin. Napakamaluwalhati ni Allah, at ako ay hindi kabilang sa mga Nagtatambal *kay Allah*.** Sinabi pa Niya (16:125): **Mag-anyaya ka sa Landas ng Panginoon mo sa pamamagitan ng karunungan at magaling na pangangaral, at makipagtalo ka sa kanila sa paraang siyang pinakamagaling.**

Nagsabi naman ang Propeta (SAS) sa tumpak na Hadíth: ***Ang sinumang nagturo ng isang kabutihan ay magkakaroon siya ng tulad sa gantimpala ng gumagawa niyon.*** Isinalaysay ito ni Imám Muslim. Nagsabi rin ang Propeta (SAS) kay 'Alí (RA) noong ipinadala niya ito sa Khaybar: ***Kaya sumpa man kay Allah, ang patnubayan ni Allah sa pamamagitan mo ang iisang lalaki ay higit na mabuti para sa iyo kaysa sa [magmay-ari ng] ng mga mamaha-***

***ling kamelyo.***[38] Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Karagdagan pa rito, hinihiling ko kay Allah na panagumpayin Niya tayong lahat upang makaunawa sa Relihiyon mula sa Kanya at manatili sa ikinasisiya Niya at na kupkupin Niya tayong lahat laban sa mga kadahilanan ng galit Niya at laban sa mga mapanligaw na mga tukso. Hinihiling ko rin sa Kanya na pagwagiin Niya ang Relihiyon mula sa Kanya at itaas Niya ang salita Niya, at na pabutihin Niya ang mga kalagayan ng mga Muslim at pamunuin Niya sa kanila ang mga mabuti sa kanila; tunay na Siya ay Mapagkaloob, Mapagbigay. Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang. Pagpalain ni Allah at batiin ang Lingkod Niya at ang Sugo Niya, ang Propeta natin na si Muhammad, at gayon din ang mag-anak nito, ang mga Kasamahan nito at ang mga tagasunod nila hanggang sa araw ng paggantimpala.

---

[38] Ito ang itinuturing ng mga Arabe noon na pinakamahal na ari-arian kaya ito ang ihinalimbawa ng Sugo (SAS); hindi ibig sabihing ito na ang pinakamahal sa lahat. Ang Tagapagsalin.

# Ang Paglilinaw sa Kahulugan ng Pagtatambal kay Allah

**Tanong:** Ano ang Shirk? At ano ang paliwanag sa sinabi ni Allah (5:35): **O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at hangarin ninyo sa Kanya ang ikalalapit…**

**Sagot:** Ang Shirk ayon sa katawagan nito ay pagtatambal kay Allah ng iba pa kay Allah sa pagsamba, gaya ng pagdalangin sa mga imahen o iba pa, pagpapasaklolo roon, o pamamanata roon, o pagdarasal doon, o pag-aayuno alang-alang doon, o pag-aalay ng hayop doon. Tulad niyon ang pag-aalay ng hayop kay al-Badawí o kay al-‘Aydarús, o pagdasal kay Polano, paghingi ng tulong mula sa Sugo (SAS) o mula kay ‘Abdulqádir al-Jaylání o mula kay al-‘Aydarús sa Yemen o sa iba pang mga patay at mga wala sa piling. Lahat ng ito ay tinatawag na Shirk.

Ganoon din kapag nanalangin sa mga tala o sa mga jinni o nagpasaklolo sa kanila o humingi ng tulong sa kanila o anumang kawangis niyon. Kapag nagsagawa ang isang tao ng anuman sa mga pagsambang ito sa mga bagay o sa mga patay o sa mga wala sa piling, ito ay magiging isang pagtatambal (Shirk) kay Allah. Nagsabi si Allah (6:88): **Ngunit kung sakaling nagtambal sila *kay Allah* ay talagang nawalan ng kabuluhan para sa kanila ang anumang ginagawa nila noon.** Sinabi pa Niya (39:65): **Talagang isiniwalat na sa iyo at sa mga nauna sa iyo na talagang kung nagtambal ka *kay Allah* ay talagang mawawalang-**

**kabuluhan ang gawa mo at ikaw ay talaga ngang magiging kabilang sa mga nalulugi.**

Kabilang din sa Shirk na sambahin ang iba pa kay Allah nang isang lubos na pagsamba. Ito ay tinawag na Shirk at tinatawag na Kufr.[39] Ang sinumang lubusang umayaw kay Allah at inilagay ang pagsamba niya sa iba pa kay Allah, gaya ng mga punong-kahoy, o mga bato, o mga imahen, o mga jinni, o ilan sa mga patay na tinatawag nila bilang mga walí na sinasamba nila o dinadasalan nila o pinag-aayunuhan nila at kinalimutan nila si Allah nang lubusan, ito ay malaking Kufr at matinding Shirk. Hinihiling natin kay Allah ang kaligtasan.

Gayon din ang nagkakaila sa kairalan ni Allah at nagsasabi: "Walang Diyos. Ang buhay ay materyal," gaya ng mga komunista at mga ateista na nagkakaila sa kairalan ni Allah. Ang mga ito ay ang pinakapalatangging sumampalataya sa lahat ng tao, ang pinakaligaw sa kanila at ang pinakamalaki sa kanila sa pagkakasadlak sa Shirk at pagkaligaw. Hinihiling natin kay Allah ang kaligtasan.

Ang ipinakakahulugan nito ay na ang mga tagasunod ng mga paniniwalang ito at mga kawangis nito, ang lahat ng ito ay tinatawag na Shirk at tinatawag na Kufr kay Allah. Maaaring nagkakamali ang ilan sa mga tao, dala ng kamangmangan nila, dahil tinatawag nila ang panalangin sa mga patay at ang pagpapasaklolo sa mga ito na wasílah.[40] Inaakala nila na ito ay ipinahihintulot. Ito ay isang malaking pagkakamali dahil ang gawaing ito ay kabilang sa napaka-

[39] Pagtangging sumampalataya o kawalang pananampalataya.
[40] Paraan ng paglapit o ikalalapit.

laking Shirk kay Allah, kahit pa man tawagin ito ng ilang mangmang o Mushrik na wasílah. Ito ay relihiyon ng mga Mushrik na pinulaan at pinintasan ni Allah. Nagsugo Siya ng mga sugo at nagbaba ng mga kasulatan upang ikaila ito at magbabala laban dito.

Tungkol naman sa wasílah (ikalalapit) na nabanggit sa sinabi ni Allah (5:35): **O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at hangarin ninyo sa Kanya ang ikalalapit**, ang ibig sabihin nito ay ang pagpapakalapit kay Allah sa pamamagitan ng pagtalima sa Kanya. Ito ang kahulugan niyon ayon sa lahat ng may kaalaman. Samakatuwid ang pagdarasal ay paglapit kay Allah kaya ito ay wasílah. Ang pag-aalay kay Allah ay wasílah, gaya ng mga alay at mga handog na hayop. Ang pag-aayuno ay wasílah. Ang mga kawanggawa ay wasílah. Ang pag-alaala (o pagsambit) kay Allah at ang pagbasa ng Qur'an ay wasílah. Ito ang kahulugan ng sinabi ni Allah (5:35): **O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at hangarin ninyo sa Kanya ang ikalalapit**.

Nangangahulugan ito na hahangarin nila ang pagkalapit-loob sa Kanya sa pamamagitan ng pagtalima sa Kanya. Ganito ang sinabi ni Imám Ibnu Kathír, ni Imám Jarír, ni Imám al-Baghawí at iba pa na kabilang sa mga dalubhasa sa pagpapaliwanag sa Qur'an. Ang kahulugan niyon ay: Hanapin ninyo ang ipagkakalapit sa Kanya sa pamamagitan ng pagtalima sa Kanya at hilingin ninyo ito saan man kayo, mula sa anumang isinabatas ni Allah para sa inyo gaya ng pagdarasal, pag-aayuno, mga pagkakawang-gawa at iba pa.

Ganito rin ang sinabi ni Allah sa iba pang talata (17:57): **Ang mga iyon na dinadalanginan nila ay naghahangad sa Panginoon nila ng ikalalapit: *nagsisikap* kung alin sa kanila ang pinakamalapit, umaasa sa awa Niya at nangangamba sa pagdurusa mula sa Kanya.** Ganoon ang mga sugo at ang mga tagasunod nila, nagpapakalapit sila kay Allah sa pamamagitan ng mga ikalalapit na kapa-raanang isinabatas Niya gaya ng pakikibaka, pag-aayuno, pagdarasal, pagsambit kay Allah, pagbabasa ng Qur'an at iba pang mga uri ng ikalalapit.

Tungkol naman sa akala ng ilan sa mga tao na ang wasílah ay ang pagkahumaling sa mga patay at ang pagpapasaklolo sa mga walí, ito ay isang walang kabuluhang akala. Ito ang paniniwala ng mga Mushrik na ang sabi ni Allah tungkol sa kanila (10:18): **Sinasamba nila bukod pa kay Allah ang hindi nakapipinsala sa kanila at hindi nakapagdu-dulot ng pakinabang sa kanila at nagsasabi sila: "Ang mga ito ay ang mga tagapamagitan natin kay Allah."** Kaya tinugon sila ni Allah sa pamamagitan ng sabi Niya (10:18): **Sabihin mo: "Nagpapabatid ba kayo kay Allah ng hindi Niya nalalaman sa mga Langit ni sa Lupa? Kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya kaysa sa mga itinatambal nila *sa Kanya*.**[41]

[41] Ang nagsalin ng aklat na ito ay walang pananagutan sa nila-laman ng aklat na ito.